

PAUNANG SALITA NG TAGAPAGSALIN

Purihin si Allah ang Nag-iisang Panginoon at Diyos na walang katambal, nawa'y ang pinakaganap at pinakamainam na pagpapala at kapayapaan ay matamo ni Propeta Muhammad, ganun din sa kanyang mga pamilya, mga kasamahan at mga sumunod sa kanilang mga aral hanggang sa Huling Araw.

Ang mga nilalaman ng Aklat na ito ay ilan lamang sa mga pintuan ng mga gawaing kabutihan sa Islam, sa kalooban ni Allah pagkatapos ay sa kaunting kaalaman, mababaw na pang-unawa at limitadong kakakayahan ng tagapagsalin ay naisalin ito sa Tagalog mula sa Arabic, sa pamamagitan ng tuwirang pagsasalin at pagsisikap sa pagpapakahulugan nito sa mababaw at payak na pamamaraan upang mas madaling maunawaan at maisabuhay ng mga kapatid nating Muslim.

Paalala sa aking sarili at sa aking mga kapatid na Muslim na bigyan natin ng mas mataas na pagpapahalaga ang mga usaping may kinalaman sa Tawheed at Sunnah, at mag-ingat sa mga uri ng Shirk at Bi'dah upang tuluyang makamtan ang mga mabubuting aral sa Aklat na ito.

Dalangin natin kay Allah (s.w.t.) na sana'y tanggapin Niya ang munting pagsisikap na ito at maging kapaki-pakinabang sa lahat ng mga mambabasa, Ameen...

Bro. Abu Aliah Manshawie

Ramadan 15, 1436H – July 2, 2015 CE

UNANG KABANATA

KAHALAGAHAN NG PAKSA

BAKIT GUSTO MONG MABUHAY?

Ang layunin natin sa buhay ay hindi para kumain at uminom lamang sapagka't kung magkagayon ay mapapabilang tayo sa mga hayop at mga hindi mananampalataya, sinabi ni Allah ang Kataas-taasan:

{ وَالَّذِينَ كَفَرُوا يَسْتَمْتِعُونَ وَيَأْكُلُونَ كَمَا تَأْكُلُ الْأَنْعَامُ وَالنَّارُ مَشْوَى لَهُمْ }

“...At ang mga hindi sumasampalataya ay nagpapakaligaya at kumakain tulad ng mga hayop kaya't sa Impiyerno sila ay mananahanan..” Surah Muhammad: 12

Ang tunay na layunin natin sa buhay ay para sumamba lamang kay Allah ng nag-iisa't walang katambal at para sumuway sa mga masasamang simbuyo ng damdamin at mga kagustuhan ni Shaytan, at kung sa konsepto ng kalakalan ay ang layunin natin ay para makalikom ng mas maraming kabutihan sa abot ng ating makakaya bago pa dumating ang kamatayan.

Ang isang Muslim ay dapat na maging masigasig sa kanyang buhay, hindi lamang sa sariling pangangailangan datapwa't para makamtan ang malaki at maraming gantimpala ni Allah sa abot ng makakaya, sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.) sa lalaking nagtanong kung sino sa mga tao ang pinakamabuti at kanyang sinabi: ***“Ang sinumang humaba ang buhay at naging maganda ang kanyang mga gawain.”***

Saheeh Al-Bani

ANG MALAKING SULIRANIN

Ang pinakamalaking suliranin na hinaharap ng Muslim ay ang pagiging limitado ng kanyang buhay at hindi niya ito kayang dagdagan nang kahit isang segundo, ang karaniwang tagal ng panahong produktibo ang buhay ng isang tao ay hindi hihigit sa dalawampung taon ng kanyang buhay bilang kabuuan sapagka't ang karaniwang magiging edad ng Ummah ni Propeta Muhammad (s.a.w.) ay nasa pagitan ng animnapu hanggang pitumpung taon lamang, ang isang-katlong bahagi ng buhay ng anak ni Adan ay iginugugol niya sa pagtulog, ang unang labing-limang taon ay hindi siya inuubliga sa mga tungkulin sa Islam. Karagdagan pa rito ay ang mga iginugugol niya sa mga walang kabuluhang gawain at iba pang mga bagay na pinagkakaabalahan. Halos walang matitira sa kanyang buhay maliban sa isang-katlong bahagi nito. Dahil doon, ay kinakailangan niyang gumawa ng mga paraan na magpapahaba ng kanyang buhay para maidagdag niya sa produktibo niyang buhay.

ANG KONSEPTO NG PAGPAPAHABA NG BUHAY

Sa Hadeeth ni Anas bin Malik (r.a) ang Sugo ni Allah ay nagsabi: ***“Sinuman ang nais na mabuksan para sa kanya ang biyaya at maging produktibo ang kanyang buhay ay pag-ibayuhin niya ang ugnayan sa kanyang mga kamag-anak.”*** Muttafaqun Alayhi

Ang mga pantas ay may iba't ibang pananaw sa kahulugan ng pagpapahaba ng buhay at ang kanilang paliwanag hinggil dito ay nahahati sa tatlo:

Una: ang pagkakaroon ng Barakah: ang makagawa ka ng kabutihan sa loob ng maikling oras na hindi kayang gawin ng iba maliban kung gugugol ng mahabang panahon.

Ikalawa: tunay na humahaba at tumatagal ang buhay.

Ikatlo: ang magandang ala-ala pagkatapos ng kamatayan, at maaari din naman na ang pagpapakahulugan ng pagpapahaba ng buhay ay masaklaw nito ang tatlong nabaggit sapagka't tunay na ang kahigtan at kabutihan ni Allah ay ibinibigay Niya sa sinumang Kanyang nanaisin sapagka't Siya ay nagtatangan ng mga dakilang kabutihan.

Ang kailangang mangibabaw mula sa iba't ibang pananaw na ito ay ang ating hangarin sa pagpapahaba ng buhay ay para mapakinabangan natin ang bawat oras at segundo ng ating buhay sa pag-gawa ng maraming kabutihan.

Sinabi ni Dr. Al-Qardhawi: ang totoong edad ng tao ay hindi yaong mga taon na lumilipas sa kanya mula ng siya ay ipanganak hanggang sa siya ay mamatay. Datapwa't ang tunay na edad niya ay kung ilan ang maitatala na magiging baon niyang mga gawaing pagsamba o kabutihan para kay Allah.

MAAARI BANG MANALANGIN PARA HUMABA ANG BUHAY?

Iba't iba ang papanaw dito ng mga pantas sa Islam, ang ilan ay nagsabing maaari at ang ilan nama'y nagsabing hindi maaari. Tinanong si Shaikh Muhammad bin Uthaymen tungkol sa Hukm o hatol ng pagsasabi ng "Pahabain nawa ni Allah ang iyong buhay" at ang sagot niya ay: hindi kailangang bigkasin ang salitang pahabain ang buhay sapagka't ang pagpapahaba ng buhay ay maaaring ikabuti o ikasama ng tao. Ang pinakamasamang tao ay ang humaba ang kanyang buhay at naging masama naman ang kanyang mga gawain. Kaya't kung ang bibigkasin ay: pahabain nawa ni Allah ang iyong buhay sa mga pagsamba sa Kanya at iba pang tulad nito ay maaari. Si Propeta Muhammad (s.a.w.) ay nanalangin para humaba ang buhay ng kanyang lingkod na si Anas bin Malik (r.a.).

IKALAWANG KABANATA

ANG MGA GAWAING NAGPAPAHABA NG BUHAY

UNANG YUGTO: PAGPAPAHABA NG BUHAY SA PAMAMAGITAN NG MABUTING PAG-UUGALI

Ibinalita ni Propeta Muhammad (s.a.w.) ang mga maaaring maging dahilan upang humaba ang buhay, ito ay sa pamamagitan ng pagiging masigasig sa ilang mga magagandang katangian na ang kabuuan nito ay tungkol sa sining ng pakikitungo sa mga tao.

Ang pinaka pangunahin sa nasabing kabanata ay ang Hadeeth ni A'ishah (r.a.) na si Propeta Muhammad (s.a.w.) ay nagsabi sa kanya: ***“Sinuman ang mabigyan ng katangiang “Ar-Rifq” pagiging mahinahon, katotohanan na nagkamit ng malaking kabutihan sa mundo at sa kabilang-buhay, at ang pagpapatibay ng ugnayang pagkakamag-anak, magandang pag-uugali at ang pagiging mabuting kapitbahay ay nagpapatatag ng mga tahanan at nagdadagdag ng buhay.”*** Imam Ahmad at Saheeh Al-Bani

UNANG SANGAY: PAGPAPANATILI NG UGNAYANG PAGKAKAMAG-ANAK

Ang pagpapanatili ng ugnayan ng pagkakamag-anak ay kabilang sa mga mabubuting pag-uugali na ipinag-uutos sa loob ng Islam at tinawag ni Allah ang Kanyang mga alipin na pag-ibayuhin ang ugnayan ng pagkakamag-anak sa labing-siyam na Ayah sa Banal na Qur-an at binalaan ang sinumang magputol nito sa pamamagitan ng sumpa at kaparusahan sa tatlong Ayah.

Dahil dito ay nagpatuloy ang mga Salaf sa pagpapanatili ng ugnayan ng pagkakamag-anak sa kabila ng kahirapan ng transportasyon sa kanilang kapanahunan. Tayo naman, makikita mo na ang ilan sa atin ay maraming beses na binibisita ang kanyang mga kaibigan at hindi nakalagay sa kanyang iskedyul ang pagbisita sa kanyang mga kamag-anak kahit isang beses man lang sa isang buwan.

Ang pangunahing dahilan kung bakit napapabayaan natin ang ating mga kamag-anak ay dahil sa kawalan ng organisadong oras. Kung ninanais mo talagang humaba ang iyong buhay ay dapat pagtibayin mo ang ugnayan ng iyong mga kamag-anak sapagka't sinuman ang pagtibayin niya ito ay pagtitibayin din ni Allah ang ugnayan niya kay Allah at sinuman ang putulin niya ito ay puputulin din ni Allah ang ugnayan niya kay Allah. Sa Hadeeth ni Abdullah bin Mas-ud (r.a.) ang Sugo ni Allah (s.a.w.) ay nagsabi: ***“Ang pagpapatibay ng ugnayang pagkakamag-anak ay nagdaragdag ng buhay.”*** Saheeh Al-Bani.

IKALAWANG SANGAY: MAGANDANG PAG-UUGALI

Ang magandang pag-uugali ay katangiang napakaganda at ito ay nagpapadalisay sa dila at puso ng tao mula sa mga kasalanan. Sa pamamagitan nito ay nag-aangat sa tao sa ilang bilang ng mga antas ng kabutihan. Ang sabi ni Abdullah Ibnu Mubarak hinggil sa paliwanag sa kagandahan ng pag-uugali: “Ito ang pagiging maaliwalas ng mukha, pagbibigay ng kawang-gawa at pagpipigil ng mga nakakapinsala.”

Kabilang sa mga hindi dapat ugaliin ng isang Muslim ay ang maliitin ang lahat ng pag-uugali ng mga hindi nanampalataya pagkatapos maipaliwanag ni Propeta Muhammad (s.a.w) sa atin na ang kanyang hangarin ay upang mabigyan ng kaganapan ang mabubuting pag-uugali.

Sa timbangan ng mananampalataya ay walang mas bibigat pa sa magandang pag-uugali. Tingnan mo ang karamihan ng mga Salaf kung papaano nila pinamanahan ang mga sumusunod sa kanila nang magagandang halimbawa hinggil sa mga pag-uugali. Dahil doon ay nagpatuloy ang kanilang mga kabutihan at tumagal ang kanilang mga buhay. Pagmasdan mo ang iyong sarili. Ikaw ba ay mag-iiwan sa mga susunod sa iyo ng kapuri-puring pag-uugali at maluwalhating saloobin na magiging huwaran?

Ang pagkakaroon ng magandang pag-uugali ay magpapasigla ng iyong pamumuhay, magpapahaba ng iyong buhay at magpapabigat ng iyong mabuting timbangan, at sa kahalagahan ng magandang pag-uugali ay sinabi ni Propeta

Muhammad (s.a.w.): ***“Walang bagay na mas bibigat pa sa timbangan ng isang mananampalataya sa araw ng paghuhukom kaysa sa mabuting pag-uugali at katotohanan na kinamumuhian ni Allah ang masama at malaswang salita.”*** Saheeh Al-Bani

Sinabi pa niya: ***“Katotohanan na dahil sa magandang pag-uugali ng isang mananampalataya ay naaabot nito ang antas ng nag-aayuno at nagsasagawa ng Salah sa ikatlong-bahagi ng gabi.”*** Saheeh Al-Bani

IKATLONG SANGAY: MABUTING KAPITBAHAY

Ang pagiging mabuting kapitbahay ay kabilang sa mga mabubuting pag-uugali na kapuri-puri at nagpapahaba ng buhay, ang Sugo ni Allah (s.a.w.) ay nagsabi: ***“Patuloy akong pinapayuhan ni Anghel Jibreel (nang pagpapakabuti) sa kapitbahay hangga’t sa inakala kong pamamanahan niya ito.”*** Bukhari

Kadalasang dahilan kung bakit hindi nagbibisitahan ang mga magkakapitbahay ay dahil sa pagpapaliban nila ng samasamang Salah sa Masjid, kaya kailangan mo kapatid na dalasan ang pagbisita sa iyong mga kapitbahay, maging mabuti sa kanila at makipag-payuhan sa kanila upang magkamit ng pampahaba ng buhay at ganap na pananampalataya.

Ilan sa iyong mga kapitbahay ay naghihintay na katukin mo ang kanyang pinto upang handugan mo ng ngiti at Salam!

IKALAWANG YUGTO: PAGPAPAHABA NG BUHAY SA PAMAMAGITAN NG MGA GAWAING MAY MULTIPLIKASYONG GANTIMPALA

May mga paraang hindi direkta upang humaba ang buhay at magtatamo ang gumawa nito ng mas malaking gantimpala sa napakaikling panahon para maging produktibo ang buhay at mas makakalamang sa taong matagal na panahong namuhay. Ito ay hindi mangyayari kundi sa pamamagitan ng mga gawaing may nakalaan na multiplikasyong gantimpala. Kaya't ito ang tanong: paano mo makakamit ang mga gantimpala ng mga gawain kung saan kinakailangang maglaan ng mahabang panahon samantalang ang iyong buhay ay limitado lamang?

MAAARI ITONG MAKAMIT SA DALAWANG SUMUSUNOD:

- 1- Ang pagiging masigasig sa mga gawaing kabutihan na nagtataglay ng multiplikasyong mga gantimpala at ito ay may sampung mga sangay.
- 2- Ang pagiging masigasig sa mga gawaing kabutihan na walang patid ang mga gantimpala nito pagkatapos ng kamatayan at ito rin ay may apat na mga sangay.

UNANG SANGAY: ANG SALAH

1) ANG PAGPAPARAMI NG SALAH SA DALAWANG BANAL NA MASJID

Ayon sa naiulat ni Jabir bin Abdillah (r.a.) ang Sugo ni Allah (s.a.w.) ay nagsabi: ***“Ang isang Salah sa Masjid kong ito ay mas mainam kaysa sa isang libong Salah sa ibang mga Masjid liban sa Masjid Al-Haram, at ang Salah sa Masjid Al-Haram ay mas mainam kaysa sa isang daang libo na Salah sa ibang mga Masjid.”*** Imam Ahmad

Kung ikaw ay kabilang sa mga nangangalaga ng mga Sunan Ar-Rawatib, bawat araw ay aabot ang bilang nito sa loob ng isang taon sa 4,320 Rak’ah (12x360=4320). At kung nais mong makamtan ang gantimpala ng 200,000 Rak’ah na Sunan Ar-Rawatib sa iyong lugar ay kailangan mong gawin ito sa loob ng halos 46 taon. Ang dalawang Rak’ah sa Masjid Al-Haram sa Makkah ay hindi tatagal ng ilang minuto at maidadagdag sa iyo ang gantimpala ng 200,000 Rak’ah.

Kung isasagawa mo ang Salah na sampung Rak’ah sa loob ng Masjid Al-Haram sa Makkah ay hindi ito tatagal ng 15 minuto at itatala para sa iyo ang gantimpala ng isang milyong Rak’ah at tatagal ito ng halos 231 taon kung isasagawa mo ang nasabing bilang ng Rak-ah sa iyong lugar.

2- ANG PAGESASAGAWA NG SAMA-SAMANG SALAH (JAMA'AH) SA MASJID

Naiulat ni Abu Hurairah (r.a.) na ang Sugo ni Allah ay nagsabi: ***“Ang Salah kasama ng Imam ay nakakahigit ng dalawampu’t lima sa Salah na isinasagawang mag-isa.”*** At ang makakamtang gantimpala ng mag-isang nagsasagawa ng ubligadong Salah sa loob ng dalawampu’t limang taon o di kaya’y dalawampu’t pitong taon ay maaari mong makamtan sa loob lamang ng isang taon kung isasagawa mo ito ng Jama’ah sa Masjid.

Huwag aakalain ng babae na siya ay pinagkaitan ng multiplikasyong gantimpala sapagka’t ang kanyang Salah naman sa loob ng kanyang bahay ay mas mainam kaysa sa Salah niya sa Masjid. Ayon sa Hadeeth na naiulat ni Ummu Hameed (r.a.), siya ay pumunta sa Propeta (s.a.w.) at kanyang sinabi: O Sugo ni Allah! Ibig ko pong sumama sa inyo sa Salah, at sinabi ng Propeta (s.a.w.): ***“Batid ko na ibig mong sumama sa akin sa Salah, nguni’t ang Salah mo sa loob ng iyong silid-tulugan ay mas mainam kaysa sa Salah mo sa iyong sala, ang Salah mo sa loob ng iyong sala ay mas mainam kaysa sa Salah mo sa iyong bakuran, ang Salah mo sa loob ng iyong bakuran ay mas mainam kaysa sa Salah mo sa Masjid sa inyong lugar at ang Salah mo sa loob ng Masjid sa inyong lugar ay mas mainam kaysa sa Salah mo sa Masjid kong ito.”*** Saheeh Al-Bani

3- PAGSASAGAWA NG NAFILAH (HINDI UBLIGADONG SALAH) SA LOOB NG BAHAY

Naiulat ni Suhayb ar-Rumi (r.a.) na ang Sugo ni Allah (s.a.w.) ay nagsabi: ***“Ang kusang-loob na Salah ng isang lalaki na hindi siya nakikita ng mga tao ay katumbas ng dalawampu’t limang kusang-loob na Salah na siya ay nakikita ng mga tao.”*** Saheeh Al-Bani

Ibig sabihin nito ay ang kabuuang gantimpala na makakamtan ng nagsagawa ng mga Nafilah sa Masjid sa loob ng dalawampu’t limang taon ay maaari mong makuha sa loob lamang ng isang taon kapag ang Nafilah ay isinagawa mo sa loob ng iyong bahay, at sa tuwing ang pagsamba ay mas nagiging dalisay ang layunin dito ay lalong nagiging dakila ang gantimpala nito. Kaya’t sanayin ang iyong sarili sa Ikhlas o kadalisayan ng layunin at bahagian ang iyong bahay ng Salah na Nafilah sapagka’t ito ay may dakilang kabutihan.

4- ANG PAGSASAKATUPARAN NG ILANG MAGAGANDANG ASAL SA SALAH NG JUM’AH

Ilan sa napakaraming magagandang-asal ng Propeta (s.a.w.) at mga kinakailangan sa Araw ng Jum’ah na may kinalaman sa ating paksa na pagpapahaba ng buhay ay ang binanggit ng Sugo ni Allah (s.a.w) sa Hadeeth na naiulat ni Aws Ath-thaqafi: ***“Sinumang naligo sa araw ng Jum’ah at maagang nagtungo sa Masjid, naglakad at hindi sumakay, lumapit sa Imam, nakinig ng maayos at hindi nag-ingay ay***

ang bawat hakbang niya ay magiging katumbas ng Ibadah sa loob ng isang taon na may mga gantimpala ng mga pag-aayuno at pagsa-Salah sa gabi.” Saheeh Al-Jami’

Ipagpalagay mo nalang na ginawa mo ang mga kaaya-ayang ito at ang layo ng iyong tirahan sa Masjid ay nasa isang libong hakbang, itatala ni Allah para sa iyo ang katumbas ng Ibadah sa loob ng isang libong taon na may mga gantimpala ng pag-aayuno at pagsa-Salah sa gabi at walang kasamang kasalanan na kahit isa.

Ang babae ay maaaring sumali sa lalaki para makamit ang dakilang gantimpalang ito sa pamamagitan ng paghihikayat sa kanyang asawa bawat Biyernes na isagawa ang mga mabubuting asal para sa araw ng Jum’ah.

5- ANG PALAGIANG PAGSA-SALAH NG DHU’HA

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.):***“Ang anak ni Adan ay may 360 na mga kasu-kasuan, ang bawat isa sa mga ito ay gumagawa ng Sadaqah (kawang-gawa) bawat araw, ang mabuting salita na nagmumula sa isang Muslim ay Sadaqah, ang bawat tulong ng isang Muslim sa kapwa niya ay Sadaqah, ang pagpapainom ng tubig ay Sadaqah at ang pag-aalis ng mga nakakapinsala sa daanan ay Sadaqah.”*** Saheeh Al-Jami’

Ilang oras ang kailangan mo para makamit ang ganitong bilang ng mga Sadaqah? Kung magsasagawa ka ng dalawang Rak'ah ng Dhu'ha bawat araw ay magiging sapat ito para matumbasan ang mga pang araw-araw na nabanggit na tungkulin nang hindi na kukuha ng mahabang oras at pagod.

Napakadakila naman ng pagpapalang ito, sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.):***“Araw-araw ang bawat kasu-kasuan ng isa sa inyo ay nakakagawa ng Sadaqah, bawat Tasbeehah (Subhanallah) ay Sadaqah, bawat Tahmeedah (Alhamdulillah) ay Sadaqah, bawat Tahleelah (La ilaha ilallah) ay Sadaqah, bawat Takbeerah (Allahu Akbar) ay Sadaqah, ang pag-uutos ng mabuti ay Sadaqah at ang pagbabawal ng masama ay Sadaqah at magiging katumbas ng mga iyan ang dalawang Rak'ah ng Dhu'ha.”*** Muslim at Abu Dawud

IKALAWANG SANGAY: ANG HAJJ AT UMRAH

Kung may magsasabi na may Muslim na nakapagsagawa ng Hajj nang animnapung beses, nangangahulugan na siya ay umabot sa gulang na hindi bababa sa animnapung taon, paano tayo aabot sa ganitong bilang o hihigit sa kanya upang ang ating Hajj at Umrah ay humigit sa bilang ng ating edad?

Upang makamtan ang gantimpala ng Hajj at Umrah ay kailangang maging masigasig sa mga gawaing tutumbas sa gantimpala ng Hajj at Umrah at kabilang na rito ang mga sumusunod:

1) PAGPAPA-HAJJ NG MARAMING BILANG NG MGA TAO MULA SA SARILI MONG PERA SA ABOT NG IYONG MAKAKAYA

Si Propeta Muhammad (s.a.w.) ay naghikayat na paramihin ang pagsasagawa ng Hajj at Umrah, sinabi niya (s.a.w.) ***"Ulit-ulitin ninyo ang pagsasagawa ng Hajj at Umrah, sapagka't ito ay nagpapawala ng kapulubihan at kasalanan, tulad ng paglilinis ng bulusan sa dumi ng bakal, ginto at pilak"*** Saheeh Al-Bani

Ang isang paham at asetiko na si Muslim bin Yasar ay nagsasagawa ng Hajj kada taon at pinapasama't ginagastusan ang kanyang mga kapatid na lalaki na kanila ring nakasanayan sa kanya. Ganito rin noon ang ginagawa ni Abdullah ibnu Mubarak, kahabagan nawa siya ni Allah, sa mga taga Marwu tuwing panahon ng Hajj. Kung magpapa-Hajj ka ng tatlong tao kada taon ay makakamit mo ang tatlong gantimpala ng buong Hajj at para kang nagdagdag ng tatlong taon sa iyong buhay na nakapagsagawa ka rito ng Hajj.

2) SALATUL ISHRAQ

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.) **“Sinuman ang magsagawa ng Salat Fajr na Jama’ah sa Masjid at pagkatapos ay nanatiling nakaupo habang nagsasagawa ng Dhikr kay Allah hangga’t sa sumikat ang araw at pagkatapos ay nagsagawa ng Salah na dalawang Rak’ah bilang Sunnah ay gagantimpalaan siya tulad ng gantimpala ng ganap na Hajj at Umrah.”** Hassanahu Al-Bani

Ang Sunnah na ito ay kaunti nalang ang gumagawa kaya’t mas marapat sa isang Muslim na maging masigasig sa mga paraan na makakatulong sa kanya upang makamitan ang ganitong gantimpala, kabilang na rito ang pagtulog ng maaga upang mapangalagaan ang nasabing kahigtan kahit isang beses lang sa huling bahagi ng isang linggo kung saan walang makakaabala sa kanya sa oras na yaon at magwagi ng gantimpala na katumbas ng Hajj at Umrah na parang nadagdagan ang buhay niya ng isang taon at doon ay nakagawa ng Hajj at Umrah.

3) PAGDALO SA MGA PAG-AARAL SA MGA MASJID

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): **“Sinuman ang maagang nagtungo sa Masjid na walang ibang gusto kundi ang matuto ng kabutihan at ibahagi ito sa iba ay tatanggap ng gantimpala na katumbas ng ganap na Hajj.”** Saheeh Al-Bani

Dapat isapuso ng Muslim ang layuning ito kapag dadalo sa mga pag-aaral na kung saan ang kadalasan ay tinatamad tayong dumalo, ang katwiran natin ay maririnig din naman ito sa audio tape kapag nailabas na at marami pang ibang mga katwiran.

Dapat pagsumikapan din ng tagapagturo na ito ay maganap sa loob ng Masjid upang makamit ang nasabing dakilang gantimpala at ganun din ang mga makikinig sa kanyang mga aral.

4) ANG UMRAH SA BUWAN NG RAMADAN

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.) sa isang babae mula sa mga Ansar, kilala sa pangalang Ummu Sinan **“Ano ang dahilan kung bakit hindi ka nakasama sa amin magsagawa ng Hajj?”** Sinabi ng babae: may dalawang kamelyo lang po ang ama ni kuwan (kanyang asawa) ang isa ay ginamit niya at kanyang anak sa Hajj at ang ikalawa naman ay inaalagaan ng aming lingkod, sinabi ng Propeta (s.a.w.): **“Ang Umrah sa Ramadan ay katumbas ng Hajj o Hajj na kasama ako.”** Bukhari

Kapatid kong Muslim, huwag palampasin ang ganitong pagkakataon kahit gawin mo ang Umrah sa loob ng isang oras at pagkatapos nito ay bumalik ka sa iyong lugar sa mismong araw ding iyon.

5) PAGESASAGAWA NG UBLIGADONG SALAH SA MASJID

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): **“Sinumang maglakad patungong Masjid para isagawa ang ubligadong Salah kasama ng Jama’ah ay parang nagsagawa ng Hajj, sinumang maglakad patungo sa hindi ubligadong Salah (Salatud Dhuha) ay parang nagsagawa ng hindi ubligadong Umrah.”** Saheeh Al-Jami

Sinuman ang magsagawa ng Wudu bago lumabas ng bahay para sa Salah at ginampanan ang mga ubligadong Salah na Jama’ah sa Masjid. Sa kapahintulutan ni Allah ay makakamtan niya ang gantimpala ng limang Hajj bawat araw. Ibig sabihin ay isang libo’t walong daan na Hajj bawat taon. Kaya’t isipin mo kung ilan ang buong bilang nito sa loob ng sampung taon o higit pa! Iyan ay kabilang sa kahigtan ni Allah na ipinagkaloob Niya sa Ummah na ito, ginawa Niyang maikli ang buhay nila nguni’t may multiplikasyon naman ang kanilang mga gantimpala.

Ang taong nagsasagawa ng Salah na nag-Wudu muna bago lumabas ng bahay ay nalilinis ang kanyang mga kasalanan at itinatalaga ang mga Anghel para ipanalangin siya at ihingi ng kapatawaran. Ang isa sa bawat hakbang niya patungong Masjid ay nagtataas ng kanyang antas habang ang isa naman ay nagbubura ng kanyang mga kasalanan.

Makakamtan din niya ang tatlong uri ng kapatawaran: panalanging kapatawaran para sa kanya ni Propeta Muhammad (s.a.w.) kung siya ay kabilang sa mga nasa unang linya sa Salah, kapatawaran mula kay Allah at panalanging kapatawaran mula sa mga Anghel. Igagawad sa kanya ang hindi bababa sa apat na mga pagpapatawad sa loob ng isang Salah, mapapanalunan din niya ang gantimpala ng isang Hajj at iba pang mga gantimpala at mga biyaya na tanging si Allah lamang ang nakakaalam.

Ang sinumang hindi magpahalaga sa lahat ng iyan ay mas matindi pa sa isang mangmang na nagpabaya sa sarili nitong kayamanan bagkus siya ay karapat-dapat bansagan ng mas masahol pa sa isang mangmang, ang pinakamaikling paraan upang manatili sa puso ang pagmamahal sa Masjid ay ang taimtim na pagkilala sa mga gantimpala ni Allah na ipagkakaloob Niya sa mga nagsasagawa ng Salah sa loob ng Masjid.

6) ANG SALAH SA MASJID QOBA

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): ***“Sinuman ang magsagawa ng Wudu sa kanyang bahay at pagkatapos ay nagtungo sa Masjid Qoba at nagsagawa ng Salah sa loob nito ay magkakamit ng gantimpala ng isang Umrah.”***

Saheeh Al-Bani

Sa isang salaysay ni An-Nasa-i **“Sinuman ang lumabas ng bahay hanggang sa makarating sa Masjid Qoba at pagkatapos ay nagsagawa ng Salah sa loob nito ay para siyang nakapag sagawa ng Umrah.”** Saheeh Al-Bani

Kaya’t kapag nakadalaw ka sa Masjid An-Nabawi ay hangga’t maaari ay maging masigasig sa pagpaparami ng pagbisita sa Masjid Qoba upang magkamit ng mas maraming gantimpala na katumbas ng gantimpala ng Umrah.

IKATLONG SANGAY: MAGING MU’AD-DHIN O SAMBITIN ANG BINIBIGKAS NG MU’AD-DHIN

Ibinalita ng Sugo ni Allah sa kanyang mga Sahabah ang kabuuan ng mga kabutihan ng mga Mu’ad-dhin at Adhan. Minsan dumating sa kanya ang isa sa mga Sahabah at nagtanong kung papaano makakamtan ang mga nakakamit ng mga Mu’ad-dhin na gantimpala. Ayon kay Abdullah bin Amr, may isang lalaki ang nagsabi: O Sugo ni Allah! Tunay na ang mga Mu’ad-dhin ay lumalamang sa amin ng mga kabutihan, sinabi ng Sugo ni Allah: **“Sambitin mo rin ang sinasambit nila, kapag natapos mo ay manalangin ka at makakamtan mo ito.”** Saheeh Al-Bani

Sambitin mo ang kanilang sinasabi maliban sa “Hayya Alas Salah at Hayya Alal Falah” sapagka’t ang sasambitin dito ay “La Hawla Wala Quwwata Il-la Bil-la” at makakamtan mo ang gantimpala ng mga Mu’ad-dhin.

ANO ANG GANTIMPALANG MAKAKAMTAN NG MU'ADHIN?

Ayon kay Al-Bara bin Azib (r.a.) ang Propeta (s.a.w.) ay nagsabi: ***“Tunay na si Allah at ang Kanyang mga Anghel ay nagsasalawat (Ang Salawat ni Allah ay kapatawaran at sa mga Anghel ay paghingi ng kapatawaran para sa tao) sa taong nasa unahan ng linya at kapatawaran para sa isang Mu’ad-dhin ayon sa lawak at mararating ng kanyang boses, paniniwalaan siya ng lahat ng makakarinig sa kanya na mga basa’t tuyong bagay, gagantimpalaan siya sa lahat ng makakarating na magsasagawa ng Salah kasama niya.”***

Saheeh Al-Bani

Ipagpalagay mo kung ang Masjid sa inyong lugar ay may nagsasagawa ng Salah na hindi bababa sa isang daan at ikaw ang Mu’ad-dhin o di kaya’y sinasambit mo ang binibigkas ng Mu’adhin ay magkakamit ka ng gantimpala katumbas ng makakamit ng isang daan na nagsagawa ng Salah karagdagan pa sa mga gantimpala na nabanggit sa naunang paksa at pinagsama-sama sa gantimpalang dalawampu’t pitong Salah at gantimpala ng Hajj at iba pa.

Huwag kang mamangha sa napakalawak na kabutihan ni Allah subali’t mamangha ka sa kapabayaang mga tao tungkol sa mga nabanggit na kabutihan.

O aking kapatid na Muslim, bibigkasin mo rin ba ang binibigkas ng Mu’ad-adhin habang nag-aadhan? O

makakaligtaan mo nanaman ang gantimpalang ito na limang beses sa isang araw? Kung nalalaman lang ng mga tao ang tungkol sa malaking gantimpalang ito mula kay Allah ay maaaring hindi na sila magpaabala pa sa anumang usapin at trabaho habang naririnig nila ang Adhan, kung nalalaman lang nila ang napakalaking gantimpalang ito ay igagalang nila ang Adhan kapag ito ay naririnig nila, ganun din ang kanilang mga anak na gagayahin ang kanilang mga magulang sapagka't ang Adhan ay isa sa mga tanyag na ritwal sa Islam.

Ganun din ang babaeng Muslim na magkakamit ng dakilang gantimpala, ito ay kapag sinambit niya ang binibigkas ng Mu'ad-dhin, makakamtan niya ang makakamtan ng Mu'ad-dhin na gantimpala, ibig sabihin ay tatanggap siya ng gantimpala ayon sa bilang ng mga nagsagawa ng Salah at gantimpala ng Hajj. Kahit hindi nakapag Salah kasama ng mga lalaki sa loob ng Masjid, tuloy ang nasabing gantimpala para sa kanya kahit siya ay nasa panahon ng regla o dinurugo sanhi ng panganganak. Kaya't ang papuri ay kay Allah lamang sa Kanyang napakalawak na mga kabutihan.

IKA-APAT NA SANGAY: ANG PAG-AAYUNO

Hinikayat ni Propeta Muhammad (s.a.w.) ang kanyang mga Sahabah tungkol sa mga kaaya-ayang pag-aayuno sa buong taon tag-init man o taglamig. Sinabi niya na ang pinakamainam na pag-aayuno ay kung sino ang makapag-

ayuno ng kalahati ng kanyang buhay kung saan ito ang pag-aayuno ni Propeta Dawud (a.s.).

Mayroong mga kasangkapan na maaaring magamit upang humaba ang ating buhay sa pamamaraang hindi diretsahan upang makamtan ang mga gantimpala sa mga araw ng pag-aayuno na magdaragdag sa mga taon ng ating buhay.

1) PAG-AAYUNO SA MGA PILING ARAW

Ang pag-aayuno mo ng apatnapu't dalawang araw sa loob ng isang taon bukod sa Ramadan ay isusulat para sa iyo ang gantimpala ng pag-aayuno sa loob ng pitong daan at dalawampung araw, ibig sabihin ay dalawang taon, para makamtan ang gantimpala ng pag-aayuno sa buong taon nang kaunting pagod at hindi sasalungat sa mga ipinagbabawal ay wala kang ibang gagawin maliban sa mga sumusunod:

A- PANGALAGAAN ANG PAG-AAYUNO SA ANIM NA ARAW NG SHAWWAL PAGKATAPOS NG RAMADAN

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): ***“Sinuman ang pag-ayunuhan niya ang buwan ng Ramadan at pagkatapos ay isinunod niya ang anim na araw ng Shawwal ay parang napag-ayunuhan niya ang buong taon.”*** Muslim

B- PANGALAGAAN ANG PAG-AAYUNO SA IKA 13, 14 AT 15 ARAW NG BAWAT BUWAN NG KALENDARYONG ARABIC

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): **“Ang pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan ay katumbas ng pag-aayuno sa buong taon, ang puting mga araw na ito ay ang magandang umaga ng labing-tatlo, labing-apat at labing-lima.”** Hassanahu Al-Bani

O di kaya ay pag-ayunuhan ang tatlong araw sa anumang bahagi ng bawat buwan na nanaisin mo ayon sa sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): **“Sinuman ang mag-aayuno ng tatlong araw bawat buwan ay katumbas iyan ng isang taon.”** Saheeh Al-Bani

Ipinahayag ni Allah (s.w.t.) bilang patotoo rito sa Kanyang Aklat:

{ مَنْ جَاءَ بِالْحَسَنَةِ فَلَهُ عَشْرُ أَمْثَالِهَا }

{Sinuman ang makagawa ng isang kabutihan ay tutumbasan ito ng sampung gantimpala na kabutihan.}

Surah Al-An'am: 160

Ang isang araw ay katumbas ng sampung araw, kapag lagi mong ginagawa ang pag-aayuno sa mga araw na ito, sa huli ay makakamtan mo sa isang taon ang gantimpala ng dalawang taong pag-aayuno, ito ay mga araw lamang na mas lalamang sa mga taon ng iyong buhay na dapat mong pag-isipan.

2) ANG PAGPAPA-IFTAR SA MGA NAG-AAYUNO

Kapag gusto mong makuha ang gantimpala ng isang araw ng pag-aayuno ay kinakailangan mong palipasin ang isang buong araw na may pag-iwas sa mga nakakasira ng pag-aayuno, ano sa palagay mo kung makamtan mo ang gantimpala ng ilang araw ng pag-aayuno sa iisang oras lang, ito ay iyong makakamtan sa pamamagitan ng pagpapa-iftar sa mga nag-aayuno (pagpapakain sa mga nag-ayuno kapag lumubog na ang araw).

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): ***“Sinuman ang magpa-iftar sa isang nag-aayuno ay magkakamit ng tulad ng gantimpala ng nag-ayuno at walang anumang mababawas sa gantimpala ng nag-aayuno.”*** Saheeh Al-Bani

Hindi mo ba nais na maisulat para sa iyo ang kahit katumbas ng gantimpala ng taong nag-aayuno ng tulad ng pag-aayuno ni Propeta Dawud (a.s.), ito ay sa pamamagitan ng pagpapa-iftar sa isang daan at walumpung katao na nag-aayuno bawat taon na ang katumbas nito ay kalahating taon.

IKALIMANG SANGAY: ANG PAGSA-SALAH NG LAYLATUL QADR

Maging masigasig sa pagsasagawa ng Salah sa huling sampung gabi ng buwan ng Ramadan kahit maipagpaliban ang mga gawaing pangkamunduhan kung kinakailangan sapagka't

magiging mapalad ka kung matutunghayan mo ang Laylatul Qadr, ang iyong pagdarasal sa gabi ng buwan ng Ramadan ay isang dakilang negosyo na hindi matutumbasan.

Ito ay mas mainam para kay Allah kaysa sa pagsamba sa loob ng isang libong buwan, sinabi Niya (s.w.t.):

{ لَيْلَةُ الْقَدْرِ خَيْرٌ مِنْ أَلْفِ شَهْرٍ }

{Ang gabi ng Qadr ay higit na mabuti kaysa sa pagsamba sa loob ng isang libong buwan} Surah Al-Qadr: 3

Ibig sabihin ay ang magiging gantimpala ng Salah rito ay mas mainam kaysa sa magiging gantimpala ng mga pagsamba sa loob ng halos walumpu't tatlong taon at tatlong buwan. Kaya't papaano palalampasin ng isang Muslim na nasa matinong pag-iisip ang ganitong napakalaking gantimpala?

Ang nararapat ay maging masigasig sa mga gabing ito, maging mapagpuri kay Allah, maging palabasa ng Qur-an, maging masunuring lingkod kay Allah at hingiin mula sa Kanya ang tunay na kaligayahan sa mundo at sa kabilang-buhay.

Sinabi ni Imam Fakhrudden Al-Razi sa kanyang Tafseer: “Sinuman ang buhayin niya ang mga gabing ito sa pamamagitan ng mga pagsamba ay parang biniyayaan siya ng napakaraming buhay.”

At susunod ang kahalagahan ng Laylatul Qadr, ito ang gabi na tinutukoy ang iyong kahihinatnan sa darating na taon, itinatakda ang taning ng buhay ng tao at dito rin itinatala mula

sa Napangangalagaang Talaan at pinagbaha-bahagi ang lahat ng kautusang magaganap sa darating na taon.

Kaya't maging masigasig na maigugol ang Laylatul Qadr sa mga gawaing kabutihan at hindi sa mga pamilihan at mga gawaing walang katuturan upang hindi masayang ang napakalaking gantimpala.

IKA-ANIM NA SANGAY: ANG PAGPUPUNYAGI

Ang pagiging masigasig sa pagpupunyagi sa landas ni Allah sa pamamagitan ng sarili at kayamanan o isa sa dalawa ay kabilang sa mga mahahalagang paraan para mapahaba ang produktibong buhay.

Sinabi ng Sugo ni Allah (s.a.w.): ***“Ang pananatili ng isang lalaki sa hilera ng labanan sa landas ni Allah ay mas mainam para kay Allah kaysa sa magagawang pagsamba ng isang lalaki sa loob ng animnapung taon.”*** Saheeh Al-Bani

Sinabi ng Sugo ni Allah (s.a.w.): ***“Sinuman ang magbantay sa loob ng isang araw at isang gabi sa landas ni Allah ay gagantimpalaan ng katumbas ng gantimpala ng isang buwan na pag-aayuno at pagsa-Salah sa gabi, sinuman ang mamatay habang siya ay nagbantay ay palalaguin ng tuloy-tuloy ang kanyang gantimpala at tuloy-tuloy din ang biyaya at kapanatagan niya mula sa mga pagsubok sa libingan.”*** Muslim, An-Nasa-i at Al-Hakim

Huwag mo itong pabayaan kahit sa pamamagitan ng pagpupunyagi ng iyong kayamanan, anyayahan ang iba sa napakadaling kautusang ito sapagka't si Allah ay inuna Niya ang pagpupunyagi sa pamamagitan ng kayamanan kaysa sa sarili sa sinabi Niya sa Banal na Qur-an:

{ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا هَلْ أَدُلُّكُمْ عَلَىٰ تِجَارَةٍ تُنْجِيكُمْ مِّنْ عَذَابِ أَلِيمٍ. تُوْمِنُونَ بِاللَّهِ وَرَسُولِهِ
وَتُجَاهِدُونَ فِي سَبِيلِ اللَّهِ بِأَمْوَالِكُمْ وَأَنْفُسِكُمْ ذَلِكَُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنْتُمْ تَعْلَمُونَ }

{O sila na mga nagsisampalataya! Kayo ba ay Aking gagabayan sa isang kalakal na makapagliligtas sa inyo mula sa kasakit-sakit na kaparusahan. Manampalataya kayo kay Allah at sa Kanyang Sugo, at kayo ay magpunyagi sa landas ni Allah sa pamamagitan ng inyong kayamanan at inyong mga sarili, ito ay higit na mabuti sa inyo kung inyo lamang nalalaman} Surah As-Saff: 10-11

IKAPITONG SANGAY: GAWAING MABUTI SA SAMPUNG ARAW NG DHUL-HIJJAH

Alamin na ang anumang gawaing mabuti sa loob ng sampung araw ng Dhul-Hijjah ay maaaring humigit kaysa sa gantimpala ng pagpupunyagi sa landas ni Allah sa ilang mga antas nito.

Sinabi ng Sugo ni Allah (s.a.w.): ***"Walang mga araw na ang mga gawaing kabutihan dito ay higit na kamahal-mahal kay Allah sa Sampung Araw na ito, sinabi ng mga Sahabah: O Sugo ni Allah! Maging ang pagpupunyagi sa landas ni Allah? sinabi niya: maging ang pagpupunyagi sa landas ni Allah, maliban sa isang lalaki na nagpunyagi sa pamamagitan nang kanyang sarili at ari-arian at yaon ay walang nakabalik."*** Ahmad, Bukhari, At-Tirmidhi at Abu Dawud.

Ang karamihan sa mga tao ay hindi nalalaman ang kahigtan ng Sampung Araw ng Dhul-Hijjah samantalang ito ay higit na mas mainam kaysa sa mga araw ng Ramadan sa sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): ***"Ang pinakamainam na mga araw sa mundo ay ang Sampung Araw ng Dhul-Hijjah."*** Saheeh Al-Bani

Ilan sa mga dapat nating malaman ay tunay na nangangailangan tayo ng karagdagang lakas at pagpupunyagi sa sarili, laban sa mga masasamang simbuyo ng damdamin at laban kay Satanas sa loob ng Sampung Araw ng Dhul-Hijjah, upang mapakinabangan natin ang mga araw na ito kung saan ang mga demonyo ay hindi nakagapos tulad sa Ramadan.

Si Sa'id bin Jubair (r.a.) kapag pumasok na ang Sampung Araw ng Dhul-Hijjah ay nagsusumikap siya nang labis na pagsisikap sa mga pagsamba hangga't halos maubos ang kanyang lakas.

KABILANG SA MGA MAIINAM NA GAWAIN SA LOOB NG SAMPUNG ARAW NA ITO AY ANG MGA SUMUSUNOD

- 1) Pagsasagawa ng Hajj, ito ang pinakamainam na gawain sa mga araw na ito.
- 2) Pag-aayuno lalo na sa araw ng Arafah para sa mga hindi nagsasagawa ng Hajj, sapagka't sinuman ang mag-ayuno sa araw na ito ay ipapatawad sa kanya ang mga naging kasalanan niya sa loob ng dalawang taon.
- 3) Paglalaan ng mas maraming oras para sa mga pagluwalhati, pagdakila at pagpuri kay Allah, sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): ***“Walang mga araw na mas dadakila pa para kay Allah at walang hihigit na kamahal-mahal para sa Kanya sa mga gawain sa loob ng Sampung Araw na ito, kaya paramihin ninyo rito ang pagluwalhati, pagdakila at pagpuri kay Allah.”*** Imam Ahmad
- 4) Pagkatay ng hayop.
- 5) Iwasan ang pag-aaksaya ng oras sa mga walang katuturan, huwag mong hahayaan ang mga oras sa mabiyayang Sampung Araw na ito na lumilipas at ikaw ay nasa paglalakbay at pagpapabaya ng mga tungkulin kay Allah. Sapagka't ito ang pinakamainam na mga araw sa mundo, huwag mong pagdamutan ang iyong sarili sa mga araw na ito na hindi mo makamtan ang mga nabanggit na mga kabutihan sapagka't maaaring hinding-hindi na ito makakabalik sa iyo kailanman.

IKAWALONG SANGAY: PAULIT-ULIT NA PAGBABASA NG ILANG MGA KAPANATA NG QUR-AN

Ikaw ay nasa maikling panahon, hindi hihigit sa kalahating minuto at iyong makakamatan ang mga gantimpala ng pagtatapos ng Qur-an at milyung-milyong mga magagandang gantimpala sa pamamagitan lamang ng paulit-ulit na pagbabasa ng Surah Al-Ikhlās nang tatlong beses.

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.) sa kanyang mga Sahabah: *“Makakaya ba ng sinuman sa inyo na mabasa ang ikatlong bahagi ng Qur-an sa iisang gabi lamang? At hindi naging madali sa kanila ito, sinabi nila: sino sa amin ang makakaya niya iyan o Sugo ni Allah? Sinabi niya (s.a.w.): “Ang kabanata Al-Ikhlās ay katumbas ng ikatlong bahagi ng Qur-an at ang kabanata Al-Kafirun ay katumbas ng ika-apat na bahagi ng Qur-an.”* Saheeh Al-Bani

ALALAHANIN MO!

Ang layunin dito ay hindi para malaman mo lang ang mga impormasyon bagkus ang pangunahing layunin ay ang maisagawa mo rin ang mga ito.

Ikaw ay nasa mga oras na naghihitay o walang ginagawa at maaari mong matapos ang Qur-an nang ilang beses na hindi nalalaman ng iba sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbabasa ng kabanata Al-Ikhlās.

At para magkamit pa ng multiplikasyong gantimpala ay ibalita ang dakilang kahigtang ito sa mga taong hindi marurunong magbasa, sila na mga nangangarap mabasa ang buong Qur-an ay ipinagkaloob sa kanila ni Allah ang Surah Al-Ikhlâs kaya't basahin nila ito ng paulit-ulit upang matunghayan nila sa kanilang mga talaan ng gawa, In Sha Allah ang dakilang gantimpala.

Pagkatapos ay dapat alamin ng isang Muslim na ang paulit-ulit na pagbabasa sa nasabing kabanata at pagmamahal rito ay magpapapasok sa kanya sa Paraiso In Sha Allah tulad ng isa sa mga Sahabah ng Sugo ni Allah (s.a.w) nang sabihin niya: O Sugo ni Allah! Tunay na aking minamahal ang kabanatang "Qul Huwallahu Ahad", sinabi ng Propeta (s.a.w.): ***"Ang iyong pagmamahal sa kabanatang iyan ay magpapapasok sa iyo sa Paraiso."*** Saheeh Al-Bani

IKASIYAM NA SANGAY: ANG DHIKR NA MAY MULTIPLIKASYONG GANTIMPALA

Alam mo ba ang Dhikr na may multiplikasyong gantimpala na itinuro ni Propeta Muhammad (s.a.w.)? Ito ay kasing lawak ng karagatan na mga Hasanat nguni't ito ay nakakaligtaan ng karamihan sa mga tao sa ngayon.

UNANG URI: ANG TASBEEH NA MAY MULTIPLIKASYONG GANTIMPALA

UNANG HADEETH: ayon kay Juwayriyah, ina ng mga mananampalataya (r.a.), iniwan siya ni Propeta (s.a.w.) sa kanyang bahay pagkatapos ng Salah sa Fajr habang siya ay nagsasagawa ng Dhikr sa lugar na kanyang pinag-Salahan hangga't sa ang Propeta (s.a.w.) ay nakabalik na mataas na ang araw at siya ay nanatiling nakaupo parin sa kanyang pinag-Salahan at sinabi ni Propeta (s.a.w.): *“Nanatili ka parin sa iyong kalagayan kung saan kita iniwan? Sabi ni Juwayriyah: oo, sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): **“May sinabi ako pagkatapos mo na apat na salita nang tatlong beses at kung ito ay ititimbang sa mga sinabi mo buong araw ay mas mabigat:***

(سُبْحَانَ اللَّهِ وَبِحَمْدِهِ، عَدَدَ خَلْقِهِ، وَرِضَا نَفْسِهِ، وَزِنَةَ عَرْشِهِ، وَمَدَادَ كَلِمَاتِهِ)

(SUBHÁNALLÁHI WABIHAMDIHI, ADADA KHALQIHI, WARIDHÁ NAFSIHI, WAZINATA ARSHIHI, WAMIDÁDA KALIMÁTIHI)

“Ang kaluwalhatian ay kay Allah at ang lahat ng papuri ay sa Kanya, sa dami ng bilang ng Kanyang mga nilikha, sa Kanyang kaluguran, sa bigat ng Kanyang luklukan at sa lawak ng Kanyang mga salita.” Muslim, Ahmad, Abu Dawud, At-Tirmidhi, Ibnu Majah at An-Nasa-i.

Dumating ang kahigtan ni Allah sa Ummah na ito upang tayo ay patnubayan sa mga sumasaklaw na maiikling salita at isinusulat ni Allah ang mga gantimpala nang hindi mabilang.

Isipin mo ang dami ng mga nilikha ni Allah dito sa sansinukob, tapos kung gaano kalaki ang Kanyang luklukan na magiging kasing bigat ng mga Hasanat na gantimpala In Sha Allah?!!! Ipagpapaliban mo pa ba itong napakadakilang Tasbeeh at napakabigat na mga Hasanat?

Karagdagan pa sa napakadakilang gantimpalang iyan ay ang mga matututunang aral sa Hadeeth, ang pag-iisip tungkol sa napakalaki't napakadakilang mga nilikha ni Allah at ang napakaliit na anak ni Adan sa harapan ng mga ito, pagkatapos ay isipin ang kadakilaan ni Allah na naglikha ng sansinukob na naaalinsunod.

IKALAWANG HADEETH: ayon kay Abi Umamah (r.a.) sinabi niya: nakita ako ni Propeta Muhammad (s.a.w.) na aking ginagalaw ang aking mga labi, sinabi niya (s.a.w.): **“Ano ang sinasabi mo o Aba Umamah?** Sinabi ko: Aking pong linuluwalhati si Allah, sinabi niya (s.a.w.): **“Nais mo bang turuan kita ng mas hihigit pa sa pagluwalhati kay Allah sa gabi at araw?** Sabi ko: opo o Sugo ni Allah, sinabi niya: **Sabihin mo ang:**

الْحَمْدُ لِلَّهِ عَدَدَ مَا خَلَقَ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ مِائَةَ مَا خَلَقَ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ عَدَدَ مَا فِي السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ،
وَالْحَمْدُ لِلَّهِ مِائَةَ مَا فِي السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ عَدَدَ مَا أَحْصَى كِتَابُهُ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ مِائَةَ
مَا أَحْصَى كِتَابُهُ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ عَدَدَ كُلِّ شَيْءٍ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ مِائَةَ كُلِّ شَيْءٍ، وَسُبْحَانَ اللَّهِ مِثْلَهَا"

ALHAMDU LILLÁHI ADADA MÁ KHALAQA, WALHAMDU LILLÁHI MIL-A MÁ KHALAQ, WALHAMDU LILLÁHI ADADA MÁ FIS SAMÁWÁTI WAL ARDH, WALHAMDU LILLÁHI MIL-A MÁ FIS SAMÁWÁTI WAL ARDH, WALHAMDU LILLÁHI ADADA MÁ AHSÁ KITÁBUHU, WALHAMDU LILLAHI MIL-A MÁ AHSÁKITÁBUHU, WALHAMDULILLÁHI ADADA KUL-LI SHAY-IN, WALHAMDU LILLÁHI MIL-A KUL-LI SHAY-IN, WASUBHÁNALLÁHI MITHLAHÁ

"Ang lahat ng papuri ay nauukol lamang kay Allah, na kasing dami ng bilang ng Kanyang mga nilikha, ang lahat ng papuri ay nauukol lamang kay Allah, na pumupuno sa lahat ng Kanyang mga nilikha. Ang lahat ng papuri ay nauukol lamang kay Allah, na kasing dami ng bilang ng nasa mga kalangitan at kalupaan, ang lahat ng papuri ay nauukol lamang kay Allah, na pumupuno sa lahat ng nasa mga kalangitan at kalupaan. Ang lahat ng papuri ay nauukol lamang kay Allah, na kasing dami ng bilang ng nakapaloob sa Kanyang Aklat, ang lahat ng papuri ay nauukol lamang kay Allah, na pumupuno sa Kanyang Aklat. Ang lahat ng papuri ay nauukol lamang kay Allah, na kasing dami ng bilang ng lahat ng bagay, ang lahat ng papuri ay nauukol lamang kay Allah, na pumupuno sa lahat ng bagay. At luwalhatiin mo si Allah ng katulad ng mga ito, pagkatapos ay sinabi niya: pag-aralan mo ang mga ito at ituro mo sa iba pagkatapos mo." Saheeh Al-Bani

liwanan ko sa iyo ang Hadeeth na ito at ikaw na ang magbilang at mag-isip sa laki ng gantimpala na maaari mong makamit sa paglipas ng iyong gabi at araw na ikaw ay gumugunita kay Allah, sapagka't maaaring pagkatapos nito ay matuto ka at maituro mo sa mga sumusunod sa iyo bilang pagtugon sa kautusan ni Propeta Muhammad (s.a.w.)!!

IKALAWANG URI: ANG PAGHINGI NG KAPATAWARAN NA MAY MULTIPLIKASYONG GANTIMPALA

Kapag nais mong makuha sa isang araw ang hindi bababa sa isang milyong gantimpala ay isabuhay mo ang Hadeeth na sinasabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): ***“Sinuman ang humingi ng kapatawaran para sa mga mananampalatayang lalaki at babae, ay isusulat para sa kanya ni Allah ang isang mabuting gantimpala sa bawat bilang ng mananampalatayang lalaki at babae.”*** Hassanuhu Al-Bani

Batid natin na ang bilang ngayon ng mga Muslim ay mahigit isang bilyon, ang pagHINGI mo ng kapatawaran para sa kanila ay ibibigay sa iyo ni Allah ang mabuting gantimpala na kasing dami o bilang nila. At ang Hadeeth na ito ay magbibigay sa atin ng napakaraming aral at ang pinakamahalaga rito ay ang mga sumusunod:

1) Malalim na kapisanan ng kapatiran sa pananampalataya sa pagitan ng mga Muslim. Ang Islam ay hinihimok ang lahat ng Muslim na ipanalangin ang kapwa mga Muslim, kaya't papaano magiging makatwiran na magkaroon ng masamang hangarin sa kapwa Muslim samantalang kapag wala siya ay ipinapanalangin ng kapatawaran?

2) Ang taong nanalangin para lamang sa kanyang sarili at wala ng ibang binabanggit kundi siya lamang, kinakalimutan niya ang kanyang mga kapatid na Muslim ay tunay na taong makasarili at ipinagkait sa sarili ang napakaraming kabutihan at mga gantimpala.

3) Sinuman ang manalangin para sa kanyang kapatid ay may garantiya na tatanggapin ni Allah ang kanyang panalangin sa kapahintulutan ni Allah sapagka't si Propeta Muhammad (s.a.w.) ay nagsabi: ***“Ang panalangin ng Muslim para sa kapatid niyang Muslim ay katanggap-tanggap, sa tabi niya ay may anghel sa bawat panalangin para sa kanyang kapatid ay sinasabi ng anghel: tanggapin Mo po Allah sa kanya at ibigay Mo rin sa kanya ang katulad ng kanyang panalangin.”*** Muslim

Kung matalas ang iyong pang-unawa at nais mong matanggap ang iyong panalangin ay huwag maging makasarili sa iyong panalangin, mag-laan din ng panalangin para sa iyong mga kaibigan at mga kamag-anak, para makapag “Ameen” ang isa sa mga anghel ni Allah, sapagka't maaaring ang iyong panalangin ay matugunan agad at makamtan mo ang mga kabutihan sa mundo at sa kabilang-buhay.

Maaalala mo ba ang iyong mga kamag-anak, iyong mga guro at mga kasamahan para maipanalangin mo rin sila?

IKASAMPUNG SANGAY: PAGTUGON SA MGA PANGANGAILANGAN NG MGA TAO

May mga tao na umaangal dahil sa sila ang nagiging takbuan ng mga tao para matugunan ang kanilang mga pangangailangan lalo na kung sila ay nakakaangat sa buhay o

mayaman. Hindi nila alam na kung sino ang tumutugon sa pangangailangan ng kanyang kapatid ay tutugunan din ni Allah ang kanyang pangangailangan. Si Allah ay tumutulong sa Kanyang alipin hangga't ang isang alipin ay tumutulong sa kanyang kapwa.

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): ***“Ang pinakamamahal ni Allah sa mga tao ay yaong mas kapaki-pakinabang sa kapwa nila, ang gawaing mas kamahal-mahal kay Allah ay ang kasiyahang naipaparamdam mo sa kapwa Muslim, o malunasan mo ang kanyang suliranin, o mabayaran mo ang kanyang utang, o mabigyan mo ng pantawid gutom, ang samahan ko ang aking kapatid patungo sa kanyang suliranin ay mas mainam sakin kaysa sa l'tikaf (pananatili) sa Masjid ng isang buwan, sinuman ang itigil ang kanyang galit ay tatakpan ni Allah ang kanyang kahihyan at sinuman ang mapigilan ang sarili na hindi makapinsala dulot ng kanyang galit na kung nanaisin niya ay maisasakatuparan niya ito ay pupunuin ni Allah ng pagkalugod ang kanyang puso sa araw ng paghuhukom, sinuman ang maglakad para samahan ang kanyang kapatid na Muslim tungo sa suliranin nito hanggang sa ito ay maayos niya ay patatagin ni Allah ang kanyang mga paa sa araw na hindi magiging matatag ang lahat ng mga paa at ang masamang pag-uugali ay nasisira nito ang mabuting gawain tulad ng pagsira ng suka sa pulut-pukyutan.”***

Hassanuhu Al-Bani

Ang paglutas sa suliranin ng iyong kapatid ay hindi minsan uubos ng kalahating oras, subali't isinusulat para sa iyo ang gantimpala na katumbas ng isang buwang l'tikaf sa Masjid.

Ang isang empleyado na sumasalubong sa maraming tao sa kanyang tanggapan upang sila ay paglingkuran at tapusin ang kanilang mga suliranin. Kung kanya lamang isasapuso ang Hadeeth na ito at hahangarin ang gantimpala sa kanyang gawain, ilang taon kaya ang maisusulat para sa kanya na mga gantimpala ng l'tikaf?

Maging sigurado na natutugunan ang mga pangangailangan ng iyong mga kapatid na Muslim, lalo na yaong mga tinamaan ng mga lumalaganap na sakit at mga kalamidad. Huwag mo silang hayaan sa mga hindi Islamikong organisasyon na naghahandog ng makataong tulong at biglang makuha ang kanilang kalooban at unti-unti silang mahatak nang hindi nila namamalayan tungo sa kanilang relihiyon.

Alamin mo na tuwing higit na napapakinabangan ang gawaing kabutihan ng kapwa mo ay lalong nagiging dakila ang gantimpala nito na makukuha mo mula kay Allah.

Ayon kay Abu Hurayrah (r.a.) sinabi niya: sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): ***“Ang kumakalinga sa balo at mahirap ay (may gantimpala) katulad ng nagpupunyagi sa landas ni Allah o nagsasagawa ng Salah sa gabi habang sa araw ay nag-aayuno.”*** Bukhari

Ang mga Salaf o mabubuting lingkod na nauna sa atin ang may pinakamataas na pagpapahalaga tungkol sa pagtugon sa mga pangangailangan o suliranin ng mga tao

Si Abu Bakr (r.a.) ay ginagatasan ang mga kambing ng kanyang mga kapitbahay para sa kanila, nang maging pinuno na siya ay sinabi ng isa sa mga utusan nila: ngayon wala ng gagatas sa kanila, sinabi ni Abu Bakr: tiyak! Sana'y hindi na nila ako itinalagang pinuno sapagka't wala akong natagpuan sa pagiging pinuno na dati-rati'y aking ginagawa.

Si Omar bnil Khattab (r.a.) ay nakikipagkasundo sa mga balo na sa gabi ay siya ang mag-iigib ng tubig para sa kanila.

Ganun din nang mamatay si Ali bin Al-Husain (r.a.) nakita nila na may bakas sa kanyang likod sanhi ng pagbubuhat ng lalagyan ng pagkain sa gabi na dinadala niya sa bahay ng mga balo.

Aking kapatid, sanayin mo ang iyong sarili na wala kang hinihintay na kapalit sa iyong pamamagitan at paglilingkod sa iyong mga kapatid na anumang bagay na kapalit o pasasalamat mula kanino man maliban kay Allah. Para hindi masayang ang dakilang gantimpala at nalaman mo na ngayon ang ilan sa mga ito.

Naririnig natin at nakikita nang maraming beses ang mga tao na sila ay nasisiyahan at napaparangalan ayon sa kanilang sinasabi, dahil sa paglilingkod sa kanilang mga kaibigan ganun din sa paglilingkod nila sa pangkalahatang mga tao, subali't

labis ang kanilang pag-angal sa paglilingkod sa sarili nilang mga magulang at mga kamag-anak, walang pag-aalinlangan na ito ay kawalan ng utang na loob at hindi pagiging mabuti sa mga magulang at ang bunga nito ay katakut-takot sa mundong ito at lalo na sa kabilang-buhay, agaran ang pagdating ng kapurusahan nito at nagiging sanhi ng pagbabawas ng buhay.

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): ***“Walang kasalanan na agarang ipinapadala ni Allah sa gumawa nito ang kaparusahan dito sa mundo at kasama pa sa naiimbak niyang mga kasalanan sa kabilang-buhay tulad ng pang-aapi at pagputol sa ugnayan ng pagkakamag-anak.”*** Saheeh Al-Bani

IKATLONG YUGTO: PAGPAPAHABA NG BUHAY SA PAMAMAGITAN NG MGA GAWAING TULOY-TULOY ANG GANTIMPALA NITO PAGKATAPOS NG KAMATAYAN

Ang mga naunang nabanggit na mga gawain sa kabila ng kadakilaan ng mga gantimpala nito ay mapuputol din ito kapag namatay na ang tao at tayo ay naghahangad na mabuhay ng mas maraming nagagawang kabutihan at ang gantimpala nito ay patuloy na dumarating sa atin pagkatapos ng kamatayan sa kapahintulutan ni Allah, dapat nating malaman ang mga gawain na magpapatuloy ang gantimpala nito pagkatapos ng kamatayan.

At kabilang sa mga pagpapala ni Allah sa Ummah na ito ay ipinagkaloob Niya rito ang mga gawaing patuloy ang gantimpala pagkatapos ng kamatayan at nakasalalay ang seksyong ito sa isang Hadeeth na naiulat ni Abu Umamah Al-Bahi (r.a.) na si Propeta Muhammad (s.a.w.) ay nagsabi: ***“Apat na uri ng mga tao ang tuloy-tuloy ang kanilang mga gantimpala pagkatapos ng kamatayan, ang lalaki na namatay habang nagbabantay sa landas ni Allah, ang lalaki na nagturo ng kaalaman at patuloy ang gantimpala nito sa kanya habang ang kaalamang ito ay napapakinabangan, ang lalaki na nagbigay ng kawang-gawa at patuloy ang gantimpala nito sa kanya habang ang kawang-gawang yaon ay napapakinabangan at ang lalaki na nagkaroon ng mabuting anak na nanalangin para sa kanya.”*** Hassanahu Al-Bani

Mula sa Hadeeth na ito ay maaaring pagbukurin ang mga gawaing nagpapatuloy ang mga gantimpala nito pagkatapos ng kamatayan sa apat na sangay tulad ng mga sumusunod:

Ayon kay Salman Al-Farisi (r.a.) si Propeta Muhammad (s.a.w.) ay nagsabi: ***“Sinuman ang magbantay sa loob ng isang araw at isang gabi sa pagpupunyagi sa landas ni Allah ay gagantimpalaan ng katumbas ng gantimpala ng isang buwan na pag-aayuno at pagsa-Salah sa gabi, sinuman ang mamatay habang siya ay nagbabantay ay palalaguin ng tuloy-tuloy ang kanyang gantimpala at tuloy-***

tuloy din ang biyaya at kapanatagan mula sa mga pagsubok sa libingan.” Muslim, An-Nasa-i at Al-Hakim

Ang pagbabantay ay ang pananatili sa lugar na nasa pagitan ng mga Muslim at mga hindi Muslim para bantayan ang mga Muslim.

Tingnan mo kung paano ang pagbabantay sa loob lamang ng 24 oras ay may gantimpala na katumbas ng isang buwan na pag-aayuno at pagsa-Salah sa gabi.

Isipin mo ang mga Sahabah na nagpunyagi sa landas ni Allah at namatay habang nagbabantay kung ilan ang gantimpala mula ng 14 siglo hanggang ngayon at hanggang sa araw ng paghuhukom.

Halina't tayo ay magnilay-nilay sa mga magagandang balita para sa namatay habang nagbabantay sa landas ni Allah. Baka mapabilang ka sa kanila kahit sa pamamagitan lamang ng pagbibigay mo sa kanila ng iyong Zakah o di kaya ay Sadaqah.

Ayon kay Fudhalah bin Ubaid (r.a.) si Propeta Muhammad (s.a.w.) ay nagsabi: ***“Ang bawat namamatay ay humihinto ang kanyang mga gawain maliban sa namatay habang nagbabantay sa landas ni Allah sapagka't pinapalago ang kanyang gawain hanggang sa araw ng paghuhukom at magiging panatag mula sa mga pagsubok sa libingan.”*** Saheeh Al-Bani

Marahil napansin mo sa Hadeeth na iisa lang ang palalaguin ang kanyang gawain pagkatapos ng kamatayan at ito ang taong nagbabantay sa landas ni Allah. Kaya't aanib ka ba sa dakilang larangang ito na ang mga naunang huwaran natin sa pananampalataya ay nag-unahan at nagtimpi sila sa isa't isa?

IKALAWANG SANGAY: ANG SADAQAH JARIYAH

Ito ay mga kawang-gawa na nakapaligid at magkakasama tulad ng paradahang inaabangan sa mga pintuan ng mga kabutihan at ang mga uri nito ay napakarami.

Naiulat ni Abu Hurayrah (r.a.) na ang Sugo ni Allah (s.a.w.) ay nagsabi: “Kabilang sa mga darating na kabutihan sa isang mananampalataya pagkatapos niyang mamatay mula sa kanyang mga nagawa ay ang naituro at naipamahagi niyang kaalaman, ang iniwan niyang mabuting anak, ang ipinamana niyang Mushaf, ang itinayo niyang Masjid, ang ipinagawa niyang bahay para sa mga kinakapos sa paglalakbay, ang pinadaloy niyang ilog, ang ibinigay niyang Sadaqah mula sa kanyang ari-arian habang siya ay nabubuhay at malusog, at ang mga gantimpala ng mga ito ay darating sa kanya pagkatapos niyang mamatay.” Hassanahu Al-Bani

At naiulat ni Abu Hurayrah (r.a.) na ang Sugo ni Allah (s.a.w.) ay nagsabi: **“*Sinasabi ng isang alipin kayamanan ko,***

kayamanan ko, ang katotohanan ay tatlo lamang ang mapapakibangan niya sa kanyang kayamanan: ang pagkain na nakain niya pagkatapos ay maglalaho, ang damit na sinusuot niya pagkatapos ay maluluma, ang Sadaqah na naibigay niya pagkatapos ay mapapangalagaan ang gantimpala nito sa kabilang-buhay, bukod diyan ay mapupunta at maiiwan sa mga tao.” Muslim

Gayunman kung ikaw ay masigasig ng tunay sa maraming salapi at kayamanan ay paramihin mo ang pagbibigay ng Sadaqah lalo na yaong tuloy-tuloy ang gantimpala sapagka’t ito ang magiging baon mong tunay, bukod doon ay hindi na sa iyo at mapupunta ito sa mga tagapagmana mo.

Hindi mo ba gusto na matulad ka kay Uthman (r.a.) na ibinili niya ang kanyang kayamanan sa Paraiso ng tatlong beses hangga’t sa sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): ***“Wala ng makakapinsala pa kay Uthman (sa pagpasok niya sa Paraiso) pagkatapos ng ginawa niya ngayon”*** Sinabi niya ito ng dalawang beses. Hassanahu Al-Bani

Ipinahintulot ni Allah sa isang Muslim na ibigay niya bilang Sadaqah ang ikatlong bahagi ng kanyang kayamanan subali’t sasamantalain ba natin ang pagkakataong ito bago pa mahuli ang lahat?

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): ***“Tunay na si Allah ay ipinaubaya Niya sa inyo ang ikatlong bahagi ng***

inyong kayamanan (Na ibigay ninyo ito bilang inyong mga Sadaqah sa ibang tao na hindi kabilang sa kayamanang paghahati-hatian ng inyong tagapagmana) kapag namatay na kayo bilang karagdagan ng inyong mga gawain.”

Hassanahu Al-Bani

Sinabi ni Jabir (r.a.) “Walang isa man sa mga Sahabah ng Propeta (s.a.w.) na may kakayahan maliban na magkaloob ng mga mapapakibangan ng mga tao.”

Hassanahu Al-Bani

Walang pag-aalinlangan na ang bawat nagbibigay ng Sadaqah para sa kanyang sarili ay gagantimpalaan siya sa kalooban ni Allah ng dakilang gantimpala na sinabi Niya:

{ وَمَا تَقَدَّمُوا لَأَنْفُسِكُمْ مِنْ خَيْرٍ تَجِدُوهُ عِنْدَ اللَّهِ هُوَ خَيْرٌ وَأَعْظَمَ أَجْرًا وَاسْتَغْفِرُوا لِلَّهِ إِنَّ اللَّهَ
عَفُورٌ رَحِيمٌ }

“At anumang kabutihan ang ihandog ninyo para sa inyong mga sarili ay inyo itong matatagpuan kay Allah nang higit na mabuti at may dakilang gantimpala, kaya’t humingi kayo ng tawad kay Allah sapagka’t katotohanan na si Allah ay labis na mapagpatawad at maawain.” Surah Al-Muzzammil: 20

Gamitin mo ang konsepto ng pagnenegosyo upang makamtan ang karagdagang mga gantimpala. Paano ka mamumuhunan gamit ang iyong kayamanan at oras upang madagdagan ang iyong mga gantimpala?

Mag-isip ka tulad ng pag-iisip ng mga mangangalakal pagdating sa kanilang kamunduhan. Paano sila namumuhanan ng kaunti at kumikita ng malaki, kailangan mong mag-isip kung papaano sila nag-iisip nguni't patungkol sa iyong kabilang-buhay.

Bakit hindi ka magnegosyo sa iyong Panginoon? Piliin ang gawain na sa tingin mo ay mas higit na malaki ang gantimpala nito kaysa sa iba.

Si Ibnu Abbas (r.a.) ay nagpaliban ng kanyang l'tikaf sa Masjid ni Propeta Muhammad (s.a.w.) samantalang may multiplikasyon ang gantimpala ng Salah rito, katumbas ng isang libong Salah sa ibang mga Masjid, para lamang sa isang lalaki na dumating sa kanya na may pangangailangan at sinamahan niya ito para matulungan sa kanyang suliranin, batid niya kasi ang pagtugon sa mga suliranin ng mga tao ay higit na mabuti kaysa sa l'tikaf ng isang buwan sa Masjid ng Propeta (s.a.w.).

Iyan ang konsepto ng pagnenegosyo na pumipili ng higit na may dakilang gantimpala hangga't ang dalawang uri ng Ibadah ay maaaring pagpilian mula sa mga mahahalaga at kaaya-ayang Ibadah.

Kaya't samantalain ang pamumuhunan gamit ang sariling kayamanan sa mga proyektong kawang-gawa na magpapatuloy ang gantimpala nito, kasama ng mga kawang-gawang organisasyon na mapagkakatiwalaan at sila ang magdadala ng iyong pasanin.

IKATLONG SANGAY: MAAYOS NA PAGPAPALAKI NG BATA

Tunay na ang iyong mabuting anak ay karagdagan ng iyong buhay at magpapatuloy ng iyong mga kabutihan pagkatapos ng iyong kamatayan at habang siya ay nabubuhay ay hinding-hindi mapuputol ang mga gawain mong kabutihan kapag namatay ka na sa kapahintulutan ni Allah, at ang patotoo nito ay ang Hadeeth ng Propeta (s.a.w) “... **at ang mabuting anak na nanalangin para sa kanya..**”

O isang magulang! Malalaman mo lamang ang kahalagahan ng mabuting anak kapag ikaw ay nailibing na at iyong makita ang sunod-sunod na mga regalong kabutihan dahil sa panalanging kapatawaran, Sadaqah, Hajj at panalangin na dumarating sa iyo mula sa isang mabuting anak. Sa oras na iyon ay iyong malalaman ang bunga ng mga pagtuturo at panghihikayat mo sa kanya para maging matuwid na Muslim at makihalubilo sa mga mabubuting lingkod ni Allah.

Ang masamang anak naman ay kadalasan walang aalamin sa kanyang magulang kundi ang kanyang mamanahing kayamanan o mga bahay at lupa (La Hawla Wala Quwwata Il-la Billah). Kaya’t pagsikapan mong mapagplanuhan ang iyong anak kung papaano siya magiging kapaki-pakinabang sa kapahintulutan ni Allah, sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): **“Tunay na si Allah Az-za Wajal ay itinataas Niya ang antas ng isang mabuting alipin sa Paraiso at masasabi niya o aking Panginoon paano naging sa akin ang mga**

gantimpalang ito? Sasagutin siya na iyan ang panalanging kapatawaran nang iyong anak para sa iyo. Saheeh Al-Bani

IKA-APAT NA SANGAY: PAGTUTURO SA MGA TAO

Kabilang sa mga gawaing magpapatuloy ang gantimpala nito pagkatapos ng kamatayan ay ang pagtuturo sa mga tao ng kabutihan at ito ay nasa dalawang pamamaraan:

A) PAGPAPALAGANAP NG KAALAMAN AT MGA ISLAMIKONG AKLAT

Kabilang sa mga mabubuting pagsamba na maaaring magpalapit sa iyo kay Allah pagkatapos ng mga ubligadong tungkulin ay ang pag-aaral sa Relihiyon ni Allah at pagtuturo nito sa mga tao, sabay tayong mag-isip ng saglit hinggil sa isang Sahabi na si Abu Hurayrah (r.a.) na nag-ulat sa atin ng higit sa limang libong Hadeeth at binabasa ito ng karamihang Muslim. Isipin mo ang kanyang gantimpala na hindi naputol mula pa noong isang libo't apat na daang taon na ang nakalipas hanggang sa araw ng paghuhukom sa kapahintulutan ni Allah, at ilan pa sa mga iskolar at Imam na sumulat ng mga Hadeeth na ito, sapagka't kabilang sa pamamaraan ng pagpapanatili ng kaalaman ay sa pagsusulat at pagpapalaganap nito para sa mga susunod na henerasyon at kung hindi mo kayang sumulat ng mga islamikong liham at aklat ay suportahan mo ito sa pamamagitan ng pananalapi at ipamahagi mo ito sa mga tao nang libre.

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): **“Kapag namatay na ang isang tao ay hihinto na ang kanyang mga gawain maliban sa tatlo: Sadaqah Jariyah, kaalamang napapakinabangan at mabuting anak na mananalangin para sa kanya.”** Muslim

B) ANG DA'WAH TUNGO KAY ALLAH

Kabilang sa pagpapalaganap ng kaalaman ay ang Da'wah o pag-aanyaya tungo kay Allah sapagka't ito ang trabaho ng mga Propeta at mga Sugo. Sinabi ni Allah:

{ وَمَنْ أَحْسَنُ قَوْلًا مِّمَّنْ دَعَا إِلَى اللَّهِ وَعَمِلَ صَالِحًا وَقَالَ إِنَّنِي مِنَ الْمُسْلِمِينَ }

{ At sino ang hihigit sa ganda ng salita ng isang tao na nag-aanyaya tungo kay Allah at gumawa ng kabutihan at sinabi niya ako ay kabilang sa mga Muslim.} Surah Fussilat: 33

Tunay na ang pag-aanyaya sa Islam ay napakahalaga para sa nag-aanyaya at inaanyayahan na napapabayaang ito ng karamihan, kapag ginabayan mo ang isang tao tungo kay Allah at pagkatapos ay naging matuwid, ikaw ay gagantimpalaan tulad ng gantimpala ng bawat Salah at Tasbeeh niya at sa lahat ng mga gawain niyang kabutihan, ano pa kaya kung ang taong iyan ay mag-anyaya rin ng ibang tao? Mayroon ka ring gantimpala tulad ng kanilang matatanggap na mga gantimpala kahit ikaw ay nasa libingan na.

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): ***“Sinuman ang mag-anyaya sa kabutihan ay tatanggap ng gantimpala tulad ng mga gantimpala ng mga taong sumunod sa kanya, at walang mababawas sa mga gantimpala nila, at sinuman ang mag-anyaya sa pagkaligaw ay tatanggap din ng kasalanan tulad ng mga kasalanan ng mga sumunod sa kanya at wala ring mababawas sa mga kasalanan nila.”***

Muslim

Dapat mong malaman na ang bawat paghihikayat mo sa iyong kapwa ay buhay na naidadagdag para sa iyo, kaya kung may naturuan ka kung paano hahaba ang produktibo niyang buhay sa pamamagitan ng libo-libong mga kabutihan ay magkakamit ka ng tulad ng kanyang mga gantimpala, at kung ituturo mo ito sa higit na mas marami pang mga tao ay ilan kaya ang maidadagdag sa produktibo mong buhay? Hindi ka pa ba mamuhunan, tunay na sa larangan ng Da'wah ay mas malaki at pinaka-mayabong larangan na maaaring humaba rito ang produktibo mong buhay? Kaya't dapat magkaroon ka ng malaking ambag para sa mabilisang pagtutuwid sa mga nasa iyong komunidad.

IKA-APAT NA YUGTO: PAGPAPAHABA NG BUHAY SA PAMAMAGITAN NG PAGSASAMANTALA NG ORAS

ANG KAHALAGAHAN NG ORAS

Ang oras ay buhay at ito rin ang iyong puhunan, sa ibang pananaw ito ang iyong edad, kaya huwag na huwag mong sasayangin kahit isang minuto rito sa mga hindi pagsamba, si Abdullah bin Mas-ud (r.a.) ay nagsasabi: “Wala akong pinagsisihan tulad ng isang araw na lumulubog rito ang araw at nababawasan ang aking buhay na hindi nadadagdagan ang aking mga gawaing kabutihan.”

At naiulat ni Abu Hurayrah (r.a.) na sinabi niya na sinabi ng Sugo ni Allah (s.a.w.): ***“Walang pagtitipon ng mga tao na hindi nila inalala o pinuri si Allah rito maliban na ito ay maging isang kawalan para sa kanila, walang sinumang tao na naglakad sa isang daanan na hindi niya inalala o pinuri si Allah maliban na ito ay maging isang kawalan para sa kanya, walang sinumang tao ang humiga sa kanyang higaan na hindi niya inalala o pinuri si Allah rito maliban na ito ay maging isang kawalan para sa kanya.”*** Ahmad

Kung mabasa mo ang talambuhay ng ibang mga Salaf kung papaano nila sinamantala ang kanilang mga oras at pinag-ingatan mula sa kapabayaang sa bawat sandali ay mahihirapan ka sa araw-araw na iskedyul ng iyong buhay, tunay na ang ilan sa kanila ay matindi ang pagpapahalaga sa oras kaysa sa pagpapahalaga natin sa ating mga kayamanan ngayon.

Batid mo ba ang iyong oras kung paano ito pakikinabangan sa mga bagay na makakabuti sa iyo dito sa mundo at sa kabilang-buhay? Kailan tayo mamumulat sa ating kapabayaang upang maunawaan natin ang lihim ng ating buhay?

Maging magaling sa pamumuhunan ng iyong oras at huwag ihinto ang iyong mga tainga o ang iyong dila tungkol sa mga gawaing kabutihan hangga't ikaw ay buhay pa sapagka't hindi mo alam kung kailan hihinto ang iyong puso sa pagtibok. Kaya't piliting gamitin ang iyong oras sa pakikipag-unahan sa pagkamit ng maraming Hasanat.

Samantalain ang iyong buhay bago pa ang iyong kamatayan: ang pagkakaiba ng edad ng mga tao ay kabilang sa mga inilihim ni Allah sa Kanyang mga nilikha. Makikita mo na may mga taong namamatay sa edad na animnapu at ang iba naman ay namamatay sa edad na tatlumpu, ang bawat isa ay binibigyan ng pagkakataong mabuhay upang subukin ni Allah kung paano gagawa ang mga tao. Ang tanong, sasamantalain mo ba ang pagkakataon ng iyong buhay bago pa ito matapos?

Kung nalaman mo na mula ng ipanganak ka ay binibilang nang pababa ang mga oras ng iyong buhay, uumpisahan mo rin ito nang pagbibilang pataas sa pamamagitan ng paglikom ng mga kabutihang nagpapahaba ng iyong buhay, sinabi ni Omar bin Abdul-Aziz: "Tunay na ang gabi at araw ay nagtatrabaho sa iyo, kaya pakinabangan mo rin silang dalawa."

Hindi mo ba itatanong ang kuwento ng dalawang lalaki na namatay sa panahon ni Propeta Muhammad (s.a.w.) at nalaman kung bakit magkaiba ang kanilang mga antas sa Paraiso?

Ayon kay Abu Hurayrah (r.a.) sinabi niya: may dalawang lalaki mula sa Bali pangalan ng isang lugar sa Qadha'ah, sabay na yumakap sa Islam sa pamamagitan ni Propeta Muhammad (s.a.w.), ang isa ay naunang nasawi sa digmaan sa landas ni Allah at ang isa naman ay nahuling nasawi pagkaraan ng isang taon, sinabi ni Talhah bin Ubaydillah: napanaginipan ko ang huling namatay na mas naunang nakapasok sa Paraiso kaysa sa naunang namatay sa digmaan, dahil doon ako ay namangha at nang kinaumagahan ay binanggit ko ito sa Propeta (s.a.w.) at kanyang sinabi: ***“Hindi ba pagkatapos mamatay sa digmaan nang kasama niya ay nakapag-ayuno pa siya sa buwan ng Ramadan at nakagawa pa ng Salah na anim na libong Rak’ah at ganito ganyan na Rak’ah sa loob ng isang taon?***
Saheeh Al-Bani

Purihin mo si Allah sapagka't inantala pa Niya ang iyong buhay dahil ang karagdagang buhay ay biyayang iginagawad Niya sa sinumang naisin Niya sa Kanyang mga alipin. Dapat maglaan ng kaginhawahan sa iyong libingan at bawasan ang katuwaang walang kabuluhan at bawasan ang iyong tulog sapagka't ang susunod ay matagalang pagtulog at ang paggising ay sa araw na ng paghuhukom!!!

MADALIIN ANG PAGBABALIK-LOOB

Aking kapatid, madaliin ang pagbabalik-loob mo kay Allah nang taimtim na pagbabalik-loob sa Kanya, pakinggan mo Siya sapagka't inaanyayahan ka Niya sa Kanyang sinabi:

{وَسَارِعُوا إِلَىٰ مَغْفِرَةٍ مِّن رَّبِّكُمْ وَجَنَّةٍ عَرْضُهَا السَّمَاوَاتُ وَالْأَرْضُ أُعِدَّتْ لِلْمُتَّقِينَ}

“At kayo’y mag-unahan sa kapatawaran mula sa inyong Panginoon at sa Paraiso na ang lawak nito ay ang mga kalangitan at kalupaan na inihanda para sa mga matakutin kay Allah.” Surah Al Imran: 133

Hindi katulad ng taong nagmadali tungo kay Allah ang taong nagbagal-bagalan.

PAGBABALIK-LOOB SANHI NG MGA KAKULANGAN

Ang tunay na masigasig na Muslim sa pagpapahaba ng kanyang buhay ay dapat malawak ang kanyang pang-unawa at mataas ang kanyang pagpapahalaga, itinuturing niya na pag-aaksaya ng oras ang mga bagay na hindi magbubunga ng gantimpala, maging ito man ay ipinahintulot, ang mga katuwaang walang kabuluhan na lumalabag sa karapatan ng kanyang sarili. Kaya't marapat lamang na pagsisihan niya ang mga ito at magbalik-loob kay Allah sa lalong madaling panahon.

Sinabi ni Ibnul Qayyim Rahimahullah: “Ang pagbabalik-loob mula sa mga kakulangan ay ginagawa sanhi ng pag-aaksaya ng oras sa mga bagay na walang kabuluhan sapagka’t magdadala ito sa kanya tungo sa matinding kahihyan at mapapatay nito ang liwanag ng pagmamasid sa sarili.”

Ang nag-iingat naman ng kanyang oras ay aakyat sa mga baitang ng kaganapan, kaya’t kapag sinayang niya ito ay hindi siya mananatili sa kanyang kinatatayuan, bagkus bababa siya sa mga baitang ng kakulangan, kung hindi siya mangunguna ay katiyakan na siya ay mahuhuli, ang isang alipin ay patuloy na uusad at hindi titigil, kaya’t kung hindi siya nasa itaas siya ay nasa ibaba, kung hindi siya nasa unahan siya ay nasa likuran. Sapagka’t katiyakang wala sa likas ng pagkatao o sa aral ng relihiyon ang tumigil o manatili.

Ang mga tao ay parang nasa mga baitang na nakatiklop at napakabilis mahulog sa Paraiso o di kaya’y sa Impiyerno, si mabilis at si makupad, si nasa unahan at si nasa hulihan, sa daan ay walang nakatigil, subali’t sila ay magkakaiba ng patutunguhan sa pagiging mabilis at pagiging mabagal, sinabi ni Allah:

{ إِنَّهَا لِأَحَدَى الْكَبْرِ * نَذِيرًا لِلْبَشَرِ * لِمَنْ شَاءَ مِنْكُمْ أَنْ يَتَقَدَّمَ أَوْ يَتَأَخَّرَ }

“Katotohanang ito ay isa lamang sa mga matitibay na palatandaan. Bilang babala sa sangkatauhan. Sa sinuman sa inyo na nagpasyang tumahak nang pasulong o magpaiwan sa hulihan.” Surah Al-Mud-dath-ther: 35-37

Walang binanggit na nakatigil, sapagka't walang tahanan sa pagitan ng Paraiso at Impiyerno, walang ibang dadaanan na maaari mong tahakin na hindi patungo sa dalawang lugar na iyan, kaya't sinuman ang hindi umusad sa pamamagitan ng mga gawaing kabutihan ay mapag-iiwanan sa pamamagitan ng mga gawaing kasamaan.

PAKINABANGAN ANG MGA GAWAING MUBAH SA IYONG BUHAY

Kabilang sa pagsasamantala ng oras: pakinabangan ang mga gawaing Mubah sa iyong buhay.

Ang Mubah ay ang mga gawaing hindi gagantimpalaan ang gumawa nito at hindi rin parurusahan, tulad ng pagkain, pag-inom, pagtulog, mga katuwaang hindi lalabag sa Islam at iba pang mga gawaing Mubah na hindi maiiwasan ng tao, kung pakikinabangan niya ang mga Mubah na ito ay kailangan lamang niyang isapuso na gagawin niya ito para siya ay lumakas sa mga pagsunod kay Allah at makaiwas sa mga kasalanan, sa pamamagitan nito ay gagantimpalaan siya sa kapahintulutan ni Allah. Sa ganitong pamamaraan ay mapapakinabangan mo ng malaki ang bawat oras ng iyong buhay at maidadagdag mo ito sa produktibo mong buhay para sa paglikom ng mga Hasanat.

Sinabi ni Ibnu Rajab: “Kapag ang layunin ng isang Mananampalataya ay kakain ng mga ninanais niyang pagkain na Mubah para lumakas sa mga pagsamba, ang pagnanais na iyon ay magiging pagsamba kay Allah at gagantimpalaan siya rito.”

Tulad ng sinabi ni Mu’adh bin Jabal: “Katotohanan na aking inaasahan bilang pagsamba ang aking pagtulog sa gabi tulad ng pag-asa ko sa aking mga Salah sa gabi.” Ibig sabihin ay isinasapuso niya sa kanyang pagtulog na lumakas para makagawa ng mga Salah sa ikatlong bahagi ng gabi at inaasahan niya ang gantimpala sa kanyang tulog tulad ng pag-asa niya sa gantimpala ng kanyang mga Salah sa gabi.

Ang pakinabangan mo ang mga nasasayang sa iyong buhay tulad ng pagtulog at mga katulad nito ay hindi kapaguran sa iyong sarili bagkus paraan ito upang madagdagan ang iyong produktibong pamumuhay.

IKATLONG KABANATA

PAANO MO PANGANGALAGAAN ANG PRODUKTIBO MONG BUHAY?

Aking kapatid, pagkatapos ba ng mga kabutihang ito ay isasabuhay mo na In Sha Allah, para madagdagan ang iyong baon sa kabilang-buhay, isipin mo ang mga kasalanan at ang pag-aaksaya ng panahon sa mga bagay na walang katuturan?

Hindi ba marapat na pangalagaan mo ang mga gawaing ito at ilagay sa kahon ng Ikhlas hanggang sa makatagpo mo si Allah sa araw ng paghuhukom? Kaya nga dapat gawin mo ang mga gawaing may multiplikasyon na gantimpala at pagkatapos nito ay mag-ingat ka mula sa apat na bagay na sumusunod upang mapangalagaan mo ang iyong mga Hasanat.

UNA: MAG-INGAT SA MGA NAGPAPAWALANG-SAYSAY SA MGA HASANAT O GANTIMPALA

Dapat mong malaman na may mga paglabag na kabilang sa mga malalaking kasalanan at mas nagpapabigat sa timbangan ng mga kasamaan, alamin mo ito at iwasan sapagka't kapag nakagawa ka ng isa sa mga ito ay sapat na para masira ang iyong mga gantimpala kahit pa kasing laki ito ng mga bundok.

Naiulat ni Thawban ang isang Hadeeth na kanyang sinabi: sinabi ng Sugo ni Allah (s.a.w): ***“Nababatid ko ang mga grupo na kabilang sa aking Ummah, darating sila sa araw ng paghuhukom na may mga Hasanat na katulad ng mga bundok na Tihamatah na kulay puti at gagawin ito ni Allah na parang alikabok na kumakalat dahil walang kabuluhan.”*** Sinabi ni Thawban: O Sugo ni Allah! ilarawan mo po sila sa amin upang hindi kami mapabilang sa kanila na hindi namin namamalayan, sinabi niya (s.a.w.): ***“Ang katotohanan ay mga kapatid ninyo sila at mga kalahi, nagdarasal sa gabi tulad ninyo, nguni’t sila yaong mga tao na kapag naging mag-isa na sila sa mga ipinagbawal ni Allah ay nilalabag nila ang mga ito.”*** Saheeh Al-Bani

IKALAWA: IWASAN ANG PAMAMANGHA SA MGA GAWAING KABUTIHAN AT HUWAG MALINLANG SA MGA ITO

Pakaiwasan mo ang mamangha sa dami ng iyong mga nagawang kabutihan at huwag malinlang sa mga ito. Baka ang hahangarin mo lamang dito ay para gantihan ka ng higit ng iyong Panginoon kung kaya’t ang kahahantungan mo ay kasawian, tunay na ipinagbawal ito ni Allah (s.w.t.) sa Kanyang sinabi:

{ وَلَا تَمَنَّ تَسْتَكْبِرُ }

“At huwag kang magbigay para gantihan ka ng higit” Surah

Al-Mud-dath-thir: 6

Dahil doon ay nag-ingat ang mga Salaf mula sa panganib ng pamamangha o paghanga sa mga nagawa nilang kabutihan, sinabi ni Abdullah bin Mas-ud (r.a.): “Ang kaligtasan ay nakasalalay sa dalawa, ang Takot at ang Layunin, ang kapahamakan naman ay nakasalalay sa dalawa, ang kawalan ng pag-asa at pamamangha.”

Kabilang sa kapahamakan ng pamamangha sa maraming mga nagawang kabutihan ay ang mga sumusunod:

Matatagpuan mo ang isa sa kanila na pinapanatili ang mga mabubuti niyang nagawa sa kanyang isipan at walang ibang bukung bibig kundi ang mga ito hanggang sa akalain niya na ito ay sapat na sa kanya para makapasok sa Paraiso subali't binabalewala niya sa kanyang sarili ang mga nagawa niyang kasalanan.

Sinabi ni Salamah bin Deenar: kapag gumawa ng kabutihan ang isang alipin at nasiyahan siya rito habang ginagawa niya, ito ang mas makakapinsala sa kanya sa lahat ng mga ipinagbabawal ni Allah. At kapag gumawa ng kasalanan ang isang alipin at minasama niya ito habang ginagawa niya, ito ang mas makakabuti sa kanya sa lahat ng mga ipinahihintulot ni Allah. Sapagka't ang isang alipin na gumagawa ng kabutihan at ikinasisiya niya ito habang ginagawa niya ay makakaramdam siya ng pagmamalaki at pamamangha sa sarili hanggang sa ipagmalaki niya ito at akalain niya na siya ay may kalamangan na sa ibang tao.

Dahil doon ay maaaring pawalang-saysay ni Allah ang kanyang mga gantimpala at madamay pa ang iba niyang mga nagawang kabutihan.

At habang ang isang alipin ay ginagawa niya ang isang masama at minamasama niya ito habang ginagawa niya, maaaring si Allah (s.a.w.) ay pinapangyari Niya na magkaroon ng pangamba sa kanyang sarili hangang sa makatagpo niya si Allah na ang takot ay nananatili sa kanyang puso.

KABILANG SA MGA PARAAN UPANG MALUNASAN ANG PAMAMANGHA SA DAMI NG MGA NAGAWANG KABUTIHAN

A) Alamin mo na kapag matagumpay mong naisagawa ang kabutihan ay dahil ito sa biyaya ni Allah, sinabi ni Allah:

{ وَمَا بِكُمْ مِنْ نِعْمَةٍ فَمِنَ اللَّهِ }

“At anumang biyaya ang natamo ninyo ay dahil sa kalooban ni Allah.” Surah Al-Nahl: 53

B) Alamin mo na may mga alipin na aani ng mas maraming gantimpala kaysa sa iyo tulad ng mga mararangal na tao na mapagtimpi para kay Allah sapagka’t sila ay gagawaran ng gantimpala na walang bilang, sinabi ni Allah:

{ إِنَّمَا يُوفَّى الصَّابِرُونَ أَجْرَهُمْ بِغَيْرِ حِسَابٍ }

“Katotohanan na ang ibibigay na gantimpala sa mga nagtimpi ay walang bilang.” Al-Zumar: 10

Kaya huwag kang malinlang sa dami ng iyong mga nagawang kabutihan sapagka’t habang ikaw ay nabubuhay ay hindi ka ligtas sa mga pagsubok.

K) Alamin mo na anumang makamtan mo na mga gantimpala ay mamaliitin mo rin ito sa araw ng paghuhukom sa tindi ng araw na yaon.

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): **“Kung ang tao ay isusubsob niya ang kanyang mukha (para sa pagsamba) mula sa araw ng kanyang kapanganakan hanggang sa mamatay sa katandaan para malugod lamang si Allah ay mamaliitin parin niya ang kanyang mga nagawa sa araw ng paghuhukom.”** Saheeh Al-Bani

E) Huwag masyadong maging kumpiyansa sa dami ng bilang ng iyong mga nagawa sapagka’t hindi mo alam kung ito ay tinanggap sa iyo ni Allah o hindi, sinabi ni Ibnu Awn: “Huwag masyadong maging kumpiyansa sa dami ng mga nagawang kabutihan sapagka’t hindi mo alam kung tinanggap sa iyo o hindi, huwag din masyadong isiping ligtas ka na sa iyong mga kasalanan sapagka’t hindi mo rin alam kung ipinatawad na sa iyo o hindi, tunay na ang lahat ng resulta ng iyong mga gawain ay hindi ipapakita sa iyo dito sa mundo.”

Sinabi ni A'isha (r.a.): tinanong ko ang Sugo ni Allah (s.a.w.) tungkol sa Ayah na ito.

{وَالَّذِينَ يُؤْتُونَ مَا آتَوْا وَقُلُوبُهُمْ وَجِلَةٌ أَنَّهُمْ إِلَىٰ رَبِّهِمْ رَاجِعُونَ}

“At sila na mga nagbibigay ng kawanggawa habang ang kanilang mga puso ay may pangamba sa kanilang pagbabalik sa kanilang Panginoon.” Al-Mu'minun: 60

Sinabi ni A'isha: ang tinutukoy ba rito ay yaong mga umiinom ng alak at nagnanakaw? Sinabi ng Sugo ni Allah (s.a.w.): **“Hindi, o anak ni As-Siddeeq, bagkus sila yaong mga nag-aayuno, nagsasagawa ng Salah, nagbibigay ng Sadaqah habang nangangamba na baka hindi ito tanggapin sa kanila at sila yaong nakikipag-unahan sa mga kabutihan.”** Saheeh Al-Bani

IKATLO: IWASAN ANG PANG-AABUSO SA MGA KARAPATAN NG MGA TAO

Huwag kailanman pipinsalain o sasaktan ang kapwa Muslim nang iyong mga kamay o anumang bahagi ng iyong katawan at iwasan ang panlalait o pamimintas sa mga tao at sa kanilang mga karapatan sapagka't kung ito ay gawin mo nakuha na nila ang tinipon mong mga gantimpala sa araw ng paghuhukom kaya't ibigay ang kanilang mga karapatan.

May matibay na ulat na nagmula kay Abi Hurayrah (r.a.) ang Sugo ni Allah ay nagsabi: **“*Alam ninyo ba kung sino ang bangkarota?*”** Sinabi ng mga Sahabah ang bangkarota sa amin ay yaong walang pera at walang ari-arian, kaya’t sinabi niya: **“*Ang bangkarota sa aking Ummah ay ang taong darating sa araw ng paghuhukom na may mga Salah, Pag-aayuno at Zakah nguni’t may minurang tao, siniraang tao, kinuhang ari-arian ng iba, pinatay na tao, sinaktan na tao, kaya’t kukunin mula sa kanyang mga gantimpala at ibabayad ito sa taong ito at sa taong iyon at kapag naubos na ang kanyang mga kabutihan at may mga hindi pa nababayaran ay kukunin ang katumbas ng kanyang utang mula sa kanilang mga kasalanan at ipapatong sa kanya hanggang sa siya ay itapon sa Impiyerno.*”** Imam Ahmad, Muslim at At-Tirmidhi

IKA-APAT: MAG-INGAT SA MGA KASALANAN NA TULOY-TULOY

Kung naging masigasig ka sa mga kabutihang tuloy-tuloy ang gantimpala nito pagkatapos ng kamatayan ay mag-ingat din ng higit sa mga ipinagbabawal na tuloy-tuloy ang kasalanan pagkatapos ng kamatayan.

Sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.): **“*Sinumang pangunahan ang isang mabuting gawain sa Islam ay tatanggap siya ng gantimpala at gagantimpalaan din sa*”**

bawat gagaya sa kanya nang walang mababawas sa mga gantimpala ng mga sumunod sa kanya, at sinumang pangunahan ang isang masamang gawain sa Islam ay isusulat laban sa kanya ang isang kasalanan at magkakasala din sa bawat gagaya sa kanya nang walang mababawas sa kasalanan ng mga sumunod sa kanya.

Muslim, At-Tirmidhi at An-Nasai

Sinabi ni As-Shatibi: pinagpala ang sinumang namatay na kasama niyang namatay din ang kanyang mga kasalanan, at kasawian naman para sa namatay nguni't mananatili ang kanyang kasalanan ng isang daang taon o dalawang daang taon, dahil sa kasalananang yaon ay parurusahan at tatanungin siya sa kanyang libingan at magpapatuloy ito hanggang sa wala ng taong susunod at gagaya ng kanyang iniwang kasalanan.

Sinabi ni Habeeb Abu Muhammad: kabilang sa kasiyahan ng tao kapag namatay na ay ang makasama niyang namatay ang kanyang mga kasalanan, ang halimbawa ng hindi namatay ang kanyang kasalanan ay tulad ng ginagawa ng ilang mga magulang sa kanilang mga anak na pinipigilan nila ang kanilang mga anak na maging matuwid sa Islam o tulad ng pagbili nila ng mga pelikula at mga tapes na ipinagbabawal sa Islam at hinahayaan nila ito sa kanilang mga anak, kaya't dapat mag-ingat ang bawat Muslim sa nabanggit na masasamang nagpapatuloy, ang mga ito ay inihanda para lamang wasakin ang bawat tahanan ng mga Muslim.

ANG KABUURAN

Ang layunin ng isang Muslim ay naiiba sa layunin ng lahat ng tao sapagka't ang kanyang hangarin ay ang pagsamba kay Allah at samantalain ang kanyang oras na mapakinabangan ito sa mga gawaing kabutihan upang itaas ni Allah ang kanyang mga antas sa araw ng paghuhukom at ang mas malaking problema sa hinaharap na dapat alalahanin ay ang pagiging maikli ng buhay, kaya't kailangan gumawa ng maraming kabutihan na magpapahaba ng buhay.

ANG PANGWAKAS

Wala akong ibang magagawa kundi ulitin ang pag-anyaya sa iyo para sa pagkatakot kay Allah sa lihim at lantaran, samantalain ang pagkakataon ng iyong buhay bago pa dumating ang kamatayan, ang karamihan sa nilalaman ng aklat na ito ay nababatid mo nguni't bilang pag-aanyaya para makaalala at lalong pag-ibayuhin ang sigla sa pagsasagawa ng mga kabutihan sa pamamagitan ng kaalaman sa mga gantimpala nito.

Sinabi ni Abu Abdillah Al-Barrathi: sinuman ang hindi maunawaan ang gantimpala ng mga gawaing kabutihan ay magiging mahirap o mabigat ito para sa kanya.

Aking ipinapayo sa aking mga kapatid na basahin ang Aklat na ito na pinamagatang: (PAANO MO PAHAHABAIN ANG PRODUKTIBO MONG BUHAY?) at ito ay karapat-dapat basahin, hinihiling ko kay Allah ang lubos na may kakayahan na Kanyang patatagin ang may-akda ng aklat na ito at ang mga tumulong para mailimbag at maipamahagi ito sa mga tao at maging kapaki-pakinabang sa lahat ng makakabasa nito, tunay na Siya ay lubos na Nakaririnig, Tumutugon at Mapagkaloob.

Nawa'y ang ganap na pagpapala at kapayapaan ay ipagkaloob ni Allah sa ating Propeta na si Muhammad, ang pinakamainam sa lahat ng mga nilalang ang tagapaggabay sa sangkatauhan, ganun din sa kanyang mga pamilya at mga kasamahan at sa lahat ng tumahak sa kanilang landas at sumunod sa kanilang mga yapak hanggang sa araw ng paghuhukom.

PAANO MO PAHAHABAIN ANG PRODUKTIBO MONG BUHAY?

PAKSA	PAHINA
PAUNANG SALITA NG TAGAPAGSALIN	1
UNANG KABANATA: KAHALAGAHAN NG PAKSA	2
BAKIT GUSTO MONG MABUHAY?	2
ANG MALAKING SULIRANIN	3
ANG KONSEPTO NG PAGPAPAHABA NG BUHAY	4
MAAARI BANG MANALANGIN PARA HUMABA ANG BUHAY?	5
IKALAWANG KABANATA: ANG MGA GAWAING NAGPAPAHABA NG BUHAY	6
UNANG YUGTO: PAGPAPAHABA NG BUHAY SA PAMAMAGITAN	
NG MABUTING PAG-UUGALI	6
UNANG SANGAY: PAGPAPANATILI NG UGNAYANG PAGKAKAMAG-ANAK	7
IKALAWANG SANGAY: MAGANDANG PAG-UUGALI	8
IKATLONG SANGAY: MABUTING KAPITBAHAY	9
IKALAWANG YUGTO: ANG PAGPAPAHABA NG BUHAY SAPAMAMAGITAN	
NG MGAGAWAING MAY MULTIPLIKASYONG GANTIMPALA	10
UNANG SANGAY: ANG SALAH	11
ANG PAGPAPARAMI NG SALAH SA DALAWANG BANAL NA MASJID	11
ANG PAGSASAGAWA NG SAMA-SAMANG SALAH (JAMA'AH) SA MASJID	12
PAGSASAGAWA NG NAFILAH SA LOOB NG BAHAY	13
PAGSASAKATUPARAN NG ILANG MAGAGANDANG ASAL SA SALAH NG JUM'AH	13
ANG PALAGIANG PAGSA-SALAH NG DHU'HA	14
IKALAWANG SANGAY: ANG HAJJ AT UMRAH	15
PAGPAPA-HAJJ NG MARAMING BILANG NG MGA TAO MULA SA SARILI MONG	
PERA SA ABOT NG IYONG MAKAKAYA	16
SALATUL ISHRAQ	17
PAGDALO SA MGA PAG-AARAL SA MGA MASJID	17
ANG UMRAH SA BUWAN NG RAMADAN	18
PAGSASAGAWA NG UBLIGADONG SALAH SA MASJID	19
ANG SALAH SA MASJID QOBA	20
IKATLONG SANGAY: MAGING MU'AD-DHIN O SAMBITIN ANG SINASAMBIT NG	
MU'AD-DHIN	21
ANO ANG GANTIMPALANG MAKAKAMTAN NG MU'ADHIN	22
IKA-APAT NA SANGAY: ANG PAG-AAYUNO	23
PAG-AAYUNO SA MGA PILING ARAW	24
PANGALAGAAN ANG PAG-AAYUNO SA ANIM NA ARAW NG SHAWWAL	
PAGKATAPOS NG RAMADAN	24
PANGALAGAAN ANG PAG-AAYUNO SA IKA 13, 14 AT 15 ARAW NG BAWAT	
BUWAN NG KALENDARYONG ARABIC	25
ANG PAGPAPA-IFTAR SA MGA NAG-AAYUNO	26
IKALIMANG SANGAY: ANG PAGSA-SALAH NG LAYLATUL QADR	26

PAANO MO PAHAHABAIN ANG PRODUKTIBO MONG BUHAY?

IKA-ANIM NA SANGAY: ANG PAGPUPUNYAGI	28
IKAPITONG SANGAY: GAWAING MABUTI SA SAMPUNG ARAW NG DHUL-HIJJAH	29
KABILANG SA MGA MAIINAM NA GAWAIN SA LOOB NG SAMPUNG ARAW NA ITO AY ANG MGA SUMUSUNOD	31
IKAWALONG SANGAY: PAULIT-ULIT NA PAGBABASA NG ILANG MGA KABANATA NG QUR-AN	32
ALALAHANIN MO!	32
IKASIYAM NA SANGAY: ANG DHIKR NA MAY MULTIPLIKASYONG GANTIMPALA	33
UNANG URI: ANG TASBEEH NA MAY MULTIPLIKASYONG GANTIMPALA	34
IKALAWANG URI: ANG PAGHINGI NG KAPATAWARAN NA MAY MULTIPLIKASYONG GANTIMPALA	37
IKASAMPUNG SANGAY: PAGTUGON SA MGA PANGANGAILANGAN NG MGA TAO	38
IKATLONG YUGTO: PAGPAPAHABA NG BUHAY SA PAMAMAGITAN NG MGA GAWAING TULOY-TULOY ANG GANTIMPALA NITO PAGKATAPOS NG KAMATAYAN	42
IKALAWANG SANGAY: ANG SADAQAH JARIYAH	45
IKATLONG SANGAY: MAAYOS NA PAGPAPALAKI NG BATA	49
IKA-APAT NA SANGAY: PAGTUTURO SA MGA TAO PAGPAPALAGANAP NG KAALAMAN AT MGA ISLAMIKONG AKLAT	50
ANG DA'WAH TUNGO KAY ALLAH	51
IKA-APAT NA YUGTO: PAGPAPAHABA NG BUHAY SA PAMAMAGITAN NG PAGSASAMANTALA NG ORAS	53
ANG KAHALAGAHAN NG ORAS	53
MADALIIN ANG PAGBABALIK-LOOB	56
PAGBABALIK-LOOB PAGBABALIK-LOOB SANHI NG MGA KAKULANGAN	56
PAKINABANGAN ANG MGA GAWAING MUBAH SA IYONG BUHAY	58
IKATLONG KABANATA	60
PAANO MO PANGANGALAGAAN ANG PRODUKTIBO BUHAY?	60
UNA: MAG-INGAT SA MGA NAGPAPAWALANG-SAYSAY SA MGA HASANAT O GANTIMPALA	60
IKALAWA: IWASAN ANG PAMAMANGHA SA MGA GAWAING KABUTIHAN AT HUWAG MALINLANG SA MGA ITO	61
KABILANG SA MGA PARAAN UPANG MALUNASAN ANG PAMAMANGHA SA DAMI NG MGA NAGAWANG KABUTIHAN	63
IKATLO: IWASAN ANG PANG-AABUSO SA MGA KARAPATAN NG MGA TAO	65
IKA-APAT: MAG-INGAT SA MGA KASALANAN NA TULOY-TULOY	66
ANG KABUURAN	68
ANG PANGWAKAS	68